
2013 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi

# Ako ay Anak ng Diyos

*"Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo").*





# Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sacrament Meeting

**Mahal naming mga Primary Presidency at Music Leader,**

Sa taong ito magkakaroon tayo ng sagradong pagpapala at pagkakataong tulungan ang bawat bata sa Primary na malaman na siya ay anak ng Diyos. Umaasa kami na matututuhan ng mga bata ang mahalagang katotohanang ito sa pagkadama nila sa pagmamahal ng ating Ama sa Langit para sa kanila. Habang mapanalangin ninyong itinuturo ang mga doktrina sa mga aralin sa oras ng pagbabahagi, maipauunawa ninyo sa mga bata ang kanilang banal na pagkatao, layunin, at potensyal. Matutulungan ninyo silang dagdagan ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at ang kanilang patotoo sa plano ng ating Ama sa Langit para sa kanila. At mabibigyan ninyo sila ng pag-asa sa kanilang hinaharap at mapalalakas ang kanilang hangaring manatili sa landas pabalik sa ating Ama sa Langit.

Hangarin ang tulong ng Espiritu habang kayo ay naghahanda, nagtuturo, at nagpapatunay sa mga katotohanang ito. Pagpapalain ang mga pamilya sa inyong tapat na mga pagsisikap. Mahal namin kayo at ipinaaabot ang aming pasasalamat sa inyong tapat na paglilingkod para palakasin at protektahan ang mahal nating mga anak.

**Ang Primary General Presidency**

**Makikita online:** *Ang impormasyon, mga visual, at mga sangguniang ginamit na reperensya sa buklet na ito ay makikita online sa bahaging Serving in the Church ng LDS.org.*

## Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi

### Pagtuturo ng Ebanghelyo

Gamitin ang buklet na ito sa paghahandang magturo ng 15-minutong aralin linggu-linggo sa oras ng pagbabahagi. Madaragdagan ninyo ang mga lingguhang aralin ng iba pang mga materyal na inaprubahan ng Simbahan, tulad ng *Friend* o ng *Liahona*. Tutulungan kayo ng sumusunod na mga gabay na magplano at maglahad ng mga aralin.

*Mahalin ang mga Tinuturuan Ninyo.* Ipakita ang pagmamahal ninyo sa mga bata sa pamamagitan ng pag-alam sa kanilang mga pangalan at mga kinawiwilihan, talento, at pangangailangan.

*Ituro ang Doktrina sa Pamamagitan ng Espiritu.* Habang naghahanda kayo ng mga aralin, manalanging patnubayan kayo at sikaping palakasin ang inyong patotoo tungkol sa mga alituntuning ituturo ninyo. Tutulungan kayo nitong magturo sa pamamagitan ng Espiritu.

*Maghikayat ng Pagkatuto.* Ang buklet na ito ay ginawa para tulungan kayong malaman hindi lamang *kung ano* ang ituturo kundi maging *kung paano* magturo at maghikayat ng pagkatuto. Mas epektibo ninyong maituturo ang doktrina kapag ginawa ninyo ang sumusunod na tatlong bagay sa bawat aralin:

1. Tukuyin ang doktrina. Malinaw na ipabatid ang doktrinang matututuhan ng mga bata. Pag-isipan ang mga paraan para masabi ito at maipakita. (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga aralin para sa ikaapat na linggo ng Pebrero at ikatlong linggo ng Hulyo.)
2. Maghikayat ng pag-unawa. Tiyaking higit na maunawaan ng mga bata ang doktrina sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo na umaakit sa kanila na matuto, tulad ng pagkanta ng mga awitin, dula-dulaan, at pagbabasa ng mga banal na kasulatan.
3. Maghikayat ng pagsasabuhay. Bigyan ang mga bata ng mga pagkakataong ipamuhay ang doktrina. Pag-isipan kung paano sila magpapahayag ng damdamin o magtatakda ng mithiin na nauugnay sa doktrina.

**Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.**

Ang buklet na ito ay naglalaan ng kumpletong mga aralin para sa ilan sa mga linggo ng buong taon. May mga ideya, ngunit hindi kumpletong mga aralin, para sa iba pang mga linggo. Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang iyon. Makakakuha kayo ng mga ideya sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba pang mga aralin sa buklet na ito. Kapag may ikalimang Linggo, gamitin ang oras na ito para repasuhin ang nakaraang mga aralin. Magagabayan kayo ng Espiritu sa pagpaplano at paghahanda ng mga aktibidad para sa mga aralin.

Makipagtulungan sa music leader sa paghahanda ng inyong mga aralin. Ang pagkanta ng mga awitin ay magpapatibay sa mga doktrinang inyong itinuturo. Paminsan-minsan maaari kayong magpatulong sa mga guro at sa kanilang mga klase sa mga bahagi ng pagtuturo ng ebanghelyo.

Iminumungkahi sa ilang aralin na mag-anyaya ng mga panauhing tagapagsalita na makilahok sa Primary. Dapat kayong humingi ng pahintulot sa inyong bishop o branch president bago anyayahang makilahok ang mga taong ito.

Nakalakip sa mga aralin ang ilang tip sa pagtuturo na tutulong sa inyo na mapahusay ang kakayahan ninyong magturo. Kasama rin sa mga aralin ang mga larawang magpapakita sa inyo kung ano ang hitsura ng aktibidad. Bagama't mahalagang magkaroon ng mga kasanayan sa pagtuturo, sarili ninyong espirituwal na paghahanda at patotoo ang mag-aanyaya sa Espiritu na pagtibayin ang mga doktrinang ito sa puso ng mga bata.

## Oras ng Kantahan

Ang musika sa Primary ay dapat maghikayat ng pagpipitagan, magturo ng ebanghelyo, at maipadama sa mga bata ang impluwensya ng Espiritu Santo at ang galak na nagmumula sa pagkanta. Isang 20-minutong yugto ng oras ng pagbabahagi ang dapat ilaan sa pagkanta at pagtuturo ng musika. Titiyakin nito na may sapat na oras kayong magturo ng bagong kanta at tulungan ang mga bata na masiyahan sa pagkanta.

Kasama sa buklet na ito ang isang bagong awiting pag-aaralan ng mga bata ngayong taon (tingnan sa pahina 28). May isang bahagi rin dito na pinamagatang "Paano Gamitin ang Musika sa Primary" (tingnan sa mga pahina 26–27) at karagdagang mga ideya sa pagtuturo ng mga awitin sa mga bata (tingnan sa mga pahina 3, 11, 17).



**Paghahanda:** *Manalangin na patnubayan kayo at hangarin ang impluwensya ng Espiritu habang naghahanda kayo ng inyong mga oras ng pagbabahagi. Habang naghahanda kayo at nagtuturo ayon sa Espiritu, pagtitibayin Niya ang katotohanan ng itinuturo ninyo. (Tingnan sa* PWHDT, *15.)*

## Mga Gabay sa Pagtatanghal sa Sacrament Meeting

Sa ilalim ng patnubay ng bishop o branch president, ang pagtatanghal ng mga bata sa sacrament meeting ay karaniwang ibinibigay sa ikaapat na kwarter ng taon. Kausapin ang tagapayo sa bishopric o branch presidency na namamahala sa Primary sa mga unang buwan ng taon para talakayin ang mga paunang plano. Hingin ang kanyang pahintulot kapag tapos na ang mga plano.

Habang inihahanda ninyo ang pagtatanghal, tandaan ang sumusunod na mga tuntunin:

- Hindi dapat magamit sa mga praktis ang oras ng klase o pamilya kung hindi kailangan.
- Ang mga visual, costume, at media presentation ay hindi angkop sa sacrament meeting.



Planuhing maitanghal ng mga bata ang programa ayon sa mga buwanang tema sa oras ng pagbabahagi. Sa buong taon, itala ang mga pananalita at personal na karanasan ng mga bata na posibleng magamit sa pagtatanghal. Habang nagpaplano kayong ipabahagi sa mga bata ang natutuhan nila sa tema ngayong taon, mag-isip ng mga paraan na matutulungan nilang magtuon ang kongregasyon sa mga doktrina ng ebanghelyong itinuturo nila. Maaaring tapusin ng isang miyembro ng bishopric ang miting sa maikling pananalita.

**Mga Sanggunian:** *Makakakita kayo ng karagdagang mga sanggunian sa pagtuturo tulad ng mga pahinang kukulayan, mga kuwento, at mga aktibidad sa* Friend, Liahona, *manwal ng nursery, at* Aklat ng Sining ng Ebanghelyo. *Gamitin ang mga sangguniang ito para maragdagan ang inyong mga aralin. Maghanap din ng listahan ng mga sanggunian tungkol sa partikular na mga paksa ng ebanghelyo mula sa* Friend *sa friend.lds.org. Ang mga sangguniang ito ay maaaring i-print at gamitin sa pagtuturo sa mga bata.*

## Mga Sangguniang Ginamit sa Buklet na Ito

Ang sumusunod na mga daglat ay ginamit sa buong buklet:

| | |
|---|---|
| *AAP* | *Aklat ng mga Awit Pambata* |
| *ASE* | *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* |
| PWHDT | *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* |

Maraming aralin ang may mga mungkahi sa paggamit ng mga larawan. Makikita ninyo ang mga larawan sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* mga pakete ng mga larawan sa manwal ng Primary, at mga magasin ng Simbahan at online sa images.lds.org.

## Kurikulum para sa 2013

### Pangkalahatang Kurikulum

Nursery: *Masdan ang Inyong mga Musmos;* Sunbeams: *Primarya 1;* PAT 4–7: *Primarya 3;* Valiant 8–11: *Primarya 5*

### Pangunahing Kurikulum

Sunbeams: *Primarya 1;* PAT 4–7: *Primarya 3;* Valiant 8–11: *Primarya 7*

Enero

# Ako ay Anak ng Diyos, at may Plano Siya para sa Akin

**Awitin: "Ako ay Anak ng Diyos"**
(*AAP,* 2–3)

*"Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios" (Mga Taga Roma 8:16).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

***Isang Buong Taong Aktibidad:*** *Magbahagi sandali ng isang paraan na nalaman ninyong kayo ay mahal ng Diyos. Maglagay ng maliit na bagay (gaya ng cotton ball, isang buto, o maliit na bato) sa isang malinaw na garapon o lalagyan. Sa buong taon, hayaang magbahagi ang mga bata ng mga paraan na nalaman nilang kilala at mahal sila ng Diyos. Tuwing may ibabahagi ang isang bata, hayaang magdagdag siya ng isa pang bagay sa garapon. Banggitin nang madalas ang garapon, na itinuturo kung gaano karami ang paraan ng pagpapakita ng Ama sa Langit ng Kanyang pagmamahal sa atin.*

## Linggo 1: Ang Diyos ang aking Ama sa Langit. Kilala at mahal Niya ako.

**Tukuyin ang doktrina** *(paglalaro ng hulaan):* Sabihin sa mga bata na iniisip ninyo ang isang taong nagmamahal sa atin, nakakikilala sa bawat isa sa atin, tumutulong sa atin, at nakatira sa malayo. Ipahula sa kanila kung sino ang iniisip ninyo (Ama sa Langit). Talakayin ang ating kaugnayan sa Ama sa Langit. Ipaulit nang sabay-sabay sa mga bata ang "Ang Diyos ang aking Ama sa Langit. Kilala at mahal Niya ako."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Hatiin ang mga bata sa mga grupo. Ipabasa sa bawat grupo ang Enos 1:5, Moises 1:6, at Joseph Smith—Kasaysayan 1:17 at talakayin kung paano tinatawag ng Panginoon ang bawat propeta. Itanong sa mga bata: "Kung bibisitahin kayo ng Ama sa Langit, ano ang itatawag Niya sa inyo?" Magpatotoo na alam ng Diyos ang pangalan ng bawat isa sa atin.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkanta ng mga awitin):* Patayuin ang mga bata nang pabilog at magpasa ng ilang bagay na kumakatawan sa pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga anak kapag kinanta nila ang "Ako ay Anak ng Diyos" (*AAP,* 2–3) o "Aking Ama'y Buhay" (*AAP,* 8). Maaaring kabilang sa mga bagay ang mga banal na kasulatan, isang larawan ng sakramento, isang prutas, o retrato ng isang pamilya. Biglang itigil ang pagkanta at ipabahagi sa mga batang may hawak ng bagay na ipinapasa-pasa ang isang paraan na alam nilang mahal sila ng Diyos. Ulitin kung may oras pa.

## Mga Linggo 2 at 3: Ang plano ng Ama sa Langit ay isang plano ng kaligayahan.






**Tukuyin ang doktrina:** Isulat sa kapirasong papel ang, "Ang plano ng Ama sa Langit ay isang plano ng kaligayahan." Ilagay ang papel sa isang lalagyan at balutin ito para magmukhang isang regalo. Itaas ang regalo at sabihin sa mga bata na may isang bagay sa loob na magdudulot sa kanila ng kaligayahan. Hayaang hulaan nila kung ano ito. Pagkatapos ay buksan ang regalo at ipabasa sa isang bata ang pangungusap sa klase. Ipaliwanag na ang Ama sa Langit ay may isang plano para lumigaya tayo at mabuhay na muli sa Kanyang piling.


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin at pagsagot sa mga tanong):* Bigyan ang bawat klase ng isang wordstrip na nasusulatan ng isa sa sumusunod na mga tanong:

Ano ang mayroon sa buhay ko, at saan ito nagsimula?
Ano ang pinili ko noon, at ano ang dapat kong hangarin?
Ano ang dapat kong sundin, at ano ang maaari kong hawakan nang mahigpit?


**Buhay Bago Tayo Isinilang**

**Buhay na Mortal**




**Kabilang-Buhay**



**Iakma ang mga aktibidad** *para umangkop sa dami ng mga bata sa inyong Primary. Ang paghahati sa mga grupo ng isang malaking Primary para magbasa ng mga banal na kasulatan ay nagbibigay ng mas maraming pagkakataon sa mga bata na makisali. Hindi ninyo kailangang hatiin sa mga grupo ang isang Primary na may kakaunting bilang ng mga bata para maisali ang lahat ng bata.*

Ano ang madarama ko kung susundin ko ang plano ng Diyos?

Kantahin ang unang dalawang linya ng "Susundin ko ang Plano ng Diyos" (*AAP,* 86–87), at talakayin ang sagot sa unang tanong. Ulitin ang nalalabing bahagi ng awitin at ang iba pang mga tanong.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkumpleto ng isang pangungusap):* Maglagay ng mga larawan na nagpapakita ng buhay bago tayo isinilang, buhay na mortal, at kabilang-buhay sa tatlong magkakahiwalay na panig ng silid. Magdrowing ng masayang mukha sa papel. Sabihin sa mga bata na tuwing itataas ninyo ang masayang mukha, dapat nilang sabihing, "Masaya." Tumayo malapit sa larawan ng buhay bago tayo isinilang at ilarawan ang Kapulungan sa Langit. Kapag maaari, hayaang tapusin ng mga bata ang inyong mga pangungusap sa pagsasabi ng "masaya" habang hawak at itinataas ninyo ang masayang mukha. Halimbawa: "Nais ng Ama sa Langit na tayo ay maging *masaya.* Sinabi Niya sa atin ang tungkol sa Kanyang plano na ipadala tayo sa mundo at tumanggap ng katawan. Sinabi Niya na maaari tayong maging *masaya* kung susundin natin ang Kanyang mga kautusan. Alam Niyang kakailanganin natin ang isang Tagapagligtas na tutulong sa atin na maging *masaya,* dahil walang sinuman sa atin ang perpekto. Nang marinig natin ang tungkol sa plano ng Ama sa Langit, tayo ay talagang *masaya* kaya't nagsigawan tayo sa galak at tuwa!" Ipagpatuloy ang aktibidad na ito habang tinatalakay ninyo ang iba pang aspeto at inilalarawan ang plano ng kaligayahan: "Dumating kayo sa inyong pamilya, at talagang sila ay *masaya* noong isilang kayo." "Tayo ay *masaya* kapag tama ang ating mga pagpili." "Tayo ay magiging *masaya* na makapiling ang ating mga pamilya at ang Ama sa Langit at si Jesucristo magpakailanman sa kahariang selestiyal." Idagdag ang mga detalye ng plano kung angkop sa mga edad at pang-unawa ng mga bata.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagdodrowing ng mga larawan):* Bigyan ang bawat bata ng isang papel na may masayang mukha at may nakasulat na "Ang plano ng Ama sa Langit ay isang plano ng kaligayahan." Pagdrowingin sila ng larawan ng isang bagay sa plano ng ating Ama sa Langit na nagpapasaya sa kanila. Magpatotoo na ang plano ng Ama ay para sa ating walang-hanggang kaligayahan.

**Magpakita ng pagmamahal:** *"Habang nagpapakita tayo ng pagmamahal sa ating mga tinuturuan, lalo silang nagiging handang tumanggap sa Espiritu"* (PWHDT, *39). Mapag-iibayo ninyo ang inyong pagmamahal sa mga bata kapag inyo silang ipinagdasal, inalam ang kanilang mga interes at alalahanin, tinawag sila sa pangalan, at pinakinggan silang mabuti.*

*Sa aktibong pagsasali sa lahat ng bata sa isang aktibidad mapapako roon ang kanilang pansin at magkakaroon sila ng pagkakataong sumali sa karanasan sa pagkatuto.*

## Linggo 4: Ako ay may kalayaang pumili, at ako ang mananagot sa aking mga pagpili.

**Tukuyin ang doktrina:** Maghanda ng dalawang wordstrip, isa na nagsasabing "Ako ay may kalayaang pumili" at isa pa na nagsasabing "Ako ang mananagot sa aking mga pagpili." Hatiin ang mga bata sa dalawang grupo. Papuntahin ang dalawang bata sa harapan ng silid. Pahawakan at ipataas sa isa sa kanila ang unang wordstrip, at patayuin ang isa sa mga grupo at sabihing, "Ako ay may kalayaang pumili." Pahawakan at ipataas sa isa pang bata ang ikalawang wordstrip, at patayuin ang kabilang grupo at sabihing, "Ako ang mananagot sa aking mga pagpili." Ulitin nang ilang beses, na ipinapabigkas sa bawat grupo ang bawat parirala.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa mga ibubunga):* Itanong sa mga bata kung ano ang magiging bunga kung piliin nilang huwag kumain, hawakan ang mainit na kalan, magsimba, o maging mabait sa iba. Ipaliwanag na mahal tayo ng Ama sa Langit at nais Niyang gumawa tayo ng mabubuting pagpili at tanggapin natin ang mga pagpapala ng mga pagpiling iyon.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro):* Isulat sa mga kapirasong papel ang ilang mabubuting pagpili at ilang masasamang pagpili na maaaring magawa ng isang bata. Ilagay ang mga kapirasong papel sa isang lalagyan. Pahanayin ang mga bata sa dalawang linya, isang linya ng "pagpili" at isang linya ng "mga bunga." Palakarin ang unang bata sa bawat linya papunta sa harap ng silid habang kinakanta ng lahat ang unang linya ng "Piliin ang Tama" (*Mga Himno,* blg. 145). Pabunutin ang batang nasa linya ng "pagpili" at ipabasa ito sa kanya. Sabihin sa isa pang bata na magbigay ng posibleng bunga ng pagpiling iyon. Ipaturo sa itaas ang hinlalaki ng ibang mga bata kung ito ay mabuting pagpili at ipaturo ito sa ibaba kung hindi maganda ang pagpili. Magpatuloy habang may oras pa.



## Mga tulong para sa music leader

Ipakanta sa mga bata ang koro ng "Ako ay Anak ng Diyos" (*AAP,* 2–3) na kasabay ninyo at pakinggan ang mga titik na naglalarawan ng gusto nilang gawin ng isang tao para sa kanila. Ilista sa pisara ang kanilang mga sagot (akayin, gabayan, sabayan sa paglakad, tulungan, turuan). Magtanong tungkol sa bawat salita. Halimbawa, "Sino ang umaakay sa atin?" o "Bakit gusto ninyong may kasama kayo sa paglalakad?" Patotohanan ang mga pagpapala ng pagkakaroon ng mga magulang, guro, lider, propeta, mga banal na kasulatan, at Espiritu Santo para tulungan tayong tumahak sa landas pabalik sa Ama sa Langit.

Pebrero


# Ang Mundo ay Nilikha para sa mga Anak ng Ama sa Langit

**Awitin: "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit"** (*AAP,* 16–17)

*"Tayo ay lilikha ng mundo kung saan sila makapaninirahan; at susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:24–25).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***






## Linggo 1: Nilikha ni Jesucristo ang mundo sa ilalim ng patnubay ng Ama sa Langit.


**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa mga larawan):* Ipakita ang isang larawan ng mundo at itanong sa mga bata kung sino ang lumikha ng mundo. Ipaliwanag na nilikha ni Jesucristo ang mundo sa ilalim ng patnubay ng Ama sa Langit. Pagkatapos ay ipakita ang isang larawan ni Jesucristo at ipasabi sa mga bata ang, "Nilikha ni Jesucristo ang mundo."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagdodrowing ng mga larawan):* Sabihin sa mga bata na bahagi ng plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit na malikha ang isang mundo kung saan magkakaroon tayo ng katawan para umunlad tayo at matuto. Magdrowing sa pisara ng anim na bilog na may bilang. Hatiin ang mga bata sa anim na grupo, at ipabasa sa bawat grupo ang isa sa sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan tungkol sa anim na araw ng Paglikha: Genesis 1:1–5 (araw 1); Genesis 1:6–8 (araw 2); Genesis 1:9–13 (araw 3); Genesis 1:14–19 (araw 4); Genesis 1:20–23 (araw 5); Genesis 1:24–31 (araw 6). Papuntahin ang bawat grupo nang paisa-isa sa harapan ng silid, sabihin sa iba pang mga bata kung ano ang nangyari sa araw na nabasa nila, at magdrowing ng isang larawan na kumakatawan sa araw na iyon sa kaukulang bilog. Basahin ang Genesis 2:1–3 nang sabay-sabay. Repasuhin sa mga bata ang nangyari sa bawat araw ng Paglikha.




**Hangarin ang Espiritu:** *Manalangin na patnubayan kayo at hangarin ang impluwensya ng Espiritu habang naghahanda kayo ng inyong mga oras ng pagbabahagi. Habang naghahanda kayo at nagtuturo ayon sa Espiritu, pagtitibayin Niya ang katotohanan ng itinuturo ninyo.*

## Linggo 2: Ang Pagkahulog ay bahagi ng plano ng Diyos.



**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang larawan):* Ipakita ang isang larawan nina Adan at Eva. Sabihin sa mga bata na sina Adan at Eva ang unang mga tao na naparito sa mundo at tumanggap ng katawan; inilagay sila sa isang halamanan na tinawag na Eden. Ipaliwanag na nang lisanin nila ang halamanan, naging posible nang maparito tayo sa mundo; ang paglisan nila sa halamanan ay tinatawag na Pagkahulog. Isulat ang "Ang Pagkahulog ay bahagi ng plano ng Diyos" sa pisara, at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagbigkas nito.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa doktrina):* Magdrowing ng dalawang bilog sa pisara, at isulat sa isa ang *daigdig ng mga espiritu* at sa isa naman ang *mundo.* Ipaliwanag na noong sina Eva at Adan ay nasa Halamanan ng Eden, tayo ay nasa daigdig ng mga espiritu. Ipakita ang larawan ng ilang bata, at idikit ito sa pisara sa bilog na may nakasulat na "daigdig ng mga espiritu." Ipaliwanag na matapos lisanin nina Eva at Adan ang halamanan, makaparito na tayo sa mundo. Ipausog sa isang bata ang larawan ng mga bata papunta sa bilog na may nakasulat na "mundo." Ipaturo pataas ang hinlalaki ng mga bata kung inaakala nilang mabuti ang Pagkahulog, at ipapaliwanag sa isang bata kung bakit mabuti ito.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro ng pagtutugma):* Maghanda ng ilang pares ng magkakatugmang parirala na kumakatawan sa mga pagpapalang nararanasan natin sa mortalidad (halimbawa, katawan, mga pamilya, pagpili sa mabuti o masama, mga pagkakataong matuto, kalusugan at karamdaman, kaligayahan at kalungkutan, kagalakan at pasakit). Idikit nang pataob sa pisara ang mga papel. Anyayahang maghalinhinan ang mga bata sa pagpili ng dalawang papel para tingnan kung magkatugma ang mga parirala. Kapag may nagkatugma, talakayin kung bakit isang pagpapala ito.


## Linggo 3: Ipinadala ako sa mundo para magkaroon ng katawan at subukin.




*Maaaring ang mga bata ang pinakamainam ninyong mga visual aid.*

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang visual):* Isulat sa pisara ang, "Ipinadala ako sa mundo para magkaroon ng __________ at subukin." Papuntahin ang isang bata sa harapan ng silid at ipadrowing sa kanya ang kanyang katawan sa pisara o sa isang malaking papel. Hilingin sa mga bata na sabihin sa inyo kung ano ang nakadrowing (isang katawan). Punan ang patlang at ipabigkas nang sabay-sabay sa mga bata ang pangungusap.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagsali sa isang pisikal na aktibidad):* Gumawa ng spinner na may nakadispley na mga larawan ng ilang bahagi ng katawan (tingnan ang halimbawa sa ibaba). Talakayin ang ilang bagay na magagawa ng ating katawan, at pasabayin sa inyo ang mga bata sa paggawa nito (halimbawa, iwagwag ang inyong mga daliri, ipadyak ang inyong mga paa, at umikot). Ipaliwanag na ang isang dahilan kaya tayo naparito sa mundo ay para subukin at makita kung gagamitin natin ang ating katawan sa pagsunod sa mga turo ng Ama sa Langit. Anyayahang maghalinhinan ang mga bata sa pagpapaikot ng pointer at pagsasabi kung paano nila magagamit ang bahaging iyon ng katawan para sundin ang Ama sa Langit. (Kung hindi kayo makagawa ng spinner, ituro ang iba't ibang bahagi ng inyong katawan at hilingin sa mga bata na sabihin sa inyo kung paano nila magagamit ang bahaging iyon ng kanilang katawan para sundin ang Ama sa Langit.) Ipakanta sa mga bata ang "Ulo, Balikat, Tuhod at Paa" (*AAP,* 129).




*Makukuha ang spinner sa sharingtime.lds.org*

**Mga drowing:** *Hikayatin ang mga bata na ipakita at talakayin ang kanilang mga larawan sa kanilang pamilya. Tutulungan sila nitong maalaala ang kanilang natutuhan. Bibigyan din nito ng pagkakataon ang mga magulang na talakayin ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang mga anak (tingnan sa* PWHDT, *221).*

## Linggo 4: Kung susundin ko ang mga kautusan, muli kong makakapiling ang Ama sa Langit.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin):* Isulat sa pisara ang, "Kung susundin ko ang mga ______________, muli kong makakapiling ang Ama sa Langit." Ihuni ang "Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin" (*AAP,* 68). Patayuin ang mga bata kapag nakilala nila ang awitin at pasabayin sila sa paghuni. Itanong: "Ano ang kailangan nating gawin para makapiling na muli ang Ama sa Langit?" Isulat ang "mga kautusan" sa puwang na nasa pisara. Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagkanta ng awitin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa mga kautusan):* Magpabahagi sa ilang bata ng ilang patakarang ginawa ng kanilang mga magulang na nagpapanatiling ligtas sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Itanong: "Ano ang nangyayari kapag sinusunod ninyo ang mga patakaran?" Isulat sa pisara ang kanilang mga ideya. Ipaliwanag na nagpapakita ng pagmamahal ang mga magulang kapag nagtatakda sila ng mga patakaran. Itanong: "Ano ang nangyayari kapag sinusunod natin ang mga kautusan ng Ama sa Langit?" Isulat sa pisara ang ilan sa mga puna ng mga bata. Ipaliwanag na kung mananatili silang ligtas sa pagsunod sa mga patakaran ng kanilang mga magulang, tutulungan din sila ng pagsunod sa mga utos ng Ama sa Langit na manatiling ligtas. Magpatotoo na kung susundin natin ang mga kautusan, makababalik tayo para makapiling Siyang muli.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Bigyan ang bawat bata ng lapis at papel na hinati sa apat na bahagi, at may nakasulat na isa sa sumusunod na mga reperensya ng banal na kasulatan sa bawat bahagi: D at T 1:37, D at T 10:5, D at T 59:9–10, at D at T 119:4. Ipabasa sa mga bata ang bawat banal na kasulatan nang sabay-sabay, talakayin ang kautusang inilalarawan nito, at ipadrowing sa kanilang papel ang paglalarawan ng kautusang iyon. Kapag tapos na sila, ipabahagi sa mga bata kung paano sila tutulungan ng pagsunod sa mga utos na maghandang makapiling muli ang Ama sa Langit.




*Makukuha sa sharingtime.lds.org*

**Marso**

**Awitin: "Kung ang Katabi'y si Cristo"**
(pahina 28 sa outline na ito)

# Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas

*"Pakinggan ninyo ang mga salitang ito. Masdan, ako si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng sanlibutan" (D at T 43:34).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, atpaano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Itinuro ni Jesucristo ang ebanghelyo at nagpakita Siya sa atin ng halimbawa.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin):* Kantahin nang sabay-sabay ang "Masayang Gawin" (*AAP,* 129) nang ilang beses, na pinapipili ang iba't ibang bata ng aksiyong gagawin. Ipaliwanag na kapag sinundan natin ang mga kilos ng ibang tao, sinusundan natin ang kanyang halimbawa. Itanong kung sino ang nagpakita sa atin ng perpektong halimbawang susundan (si Jesucristo). Ipasabi nang sabay-sabay sa mga bata ang, "Nagpakita ng halimbawa si Jesucristo sa atin."



**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Maglagay sa pisara ng mga larawan ng sumusunod na mga pangyayari: Binibinyagan si Cristo, si Cristo na may kasamang mga bata, nagdarasal si Cristo, at nagtuturo si Cristo. Basahin nang sabay-sabay ang isa sa sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan, at hilingin sa mga bata na ipaliwanag ang itinuturo ni Cristo sa talatang iyon: Marcos 16:15; Juan 13:34–35; 3 Nephi 11:37; 3 Nephi 18:19. Dahan-dahang ituro ang bawat larawan at patayuin ang mga bata kapag itinuro ninyo ang pinakamagandang naglalarawan na ginagawa ni Cristo ang itinuro Niyang gawin natin sa talatang binasa ninyo. Ulitin sa nalalabing mga talata sa banal na kasulatan.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagdodrowing ng isang larawan):* Bigyan ng papel ang bawat bata, at ipadrowing sa kanila ang kanilang sarili na sinusundan ang halimbawa ni Cristo. Halimbawa, maaaring idrowing ng isang bata na binibinyagan siya, itinuturo niya ang ebanghelyo sa isang kaibigan, o tinutulungan niya ang isang tao. Ipabahagi sa ilang bata ang kanilang mga larawan sa iba pang mga bata, at hikayatin silang ibahagi ang kanilang drowing sa kanilang pamilya.



*Mas malamang na maging mapitagan ang mga bata kapag kasali sila sa pag-aaral. Sa aktibidad na ito, patuloy na makikinig ang mga bata kapag sila ay pinatayo at pinaupo nang mapitagan.*

**Maghikayat ng mabuting asal:** *Ang pagpuri sa mabuting asal ng mga bata ay higit na maghihikayat ng mabuting asal kaysa pagsasabi sa kanila na itigil ang masamang asal.*

## Linggo 2: Dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo, maaari akong magsisi at mamuhay na muli sa piling ng Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(punan ang mga patlang):* Bago magsimula ang Primary, isulat sa pisara ang, "Dahil sa _________________ ni Cristo, maaari akong ______ at mamuhay na muli sa piling ng _____." Isulat ang mga salitang *Pagbabayad-sala, magsisi,* at *Diyos* sa magkakahiwalay na wordstrip at idikit ang mga ito sa ilalim ng tatlong upuan sa silid. Ipahanap sa mga bata ang mga wordstrip at ipalagay ang mga ito sa pisara sa wastong lugar nito. Basahin nang sabay-sabay ang pangungusap.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagsagot sa mga tanong):* Ilagay sa pisara ang mga larawan ni Cristo na nasa Getsemani at ang Pagpapako sa Krus. Takpan ng

ilang mas maliliit pang piraso ng papel ang mga larawan. Sa bawat piraso ng papel isulat ang isang tanong tungkol sa pangyayaring nasa larawan at isang reperensya sa banal na kasulatan mula sa Mateo 26–27 o Lucas 22–23 kung saan makikita ang sagot. (Halimbawa: Ano ang pangalan ng lugar na pinuntahan ni Jesus para manalangin? Mateo 26:36.) Hatiin ang mga bata sa mga grupo, at ipahanap sa bawat grupo ang isa sa mga banal na kasulatan at ang sagot sa tanong. Ipabahagi sa mga grupo ang mga sagot sa kanilang mga tanong at alisin ang kaukulang mga piraso ng papel para malantad ang mga larawan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang pakay-aralin):* Talakayin sa mga bata ang kahulugan ng mga salitang *Pagbabayad-sala* at *pagsisisi,* at ipaliwanag kung paano tayo mapagpapala ng Pagbabayad-sala (tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 111–118, 153–157). Ipakita sa mga bata ang isang regalo. Sabihin sa isang bata na subukan niyang ibigay ang regalo sa ibang bata, at sabihin ninyo sa batang pinagbigyan na tanggihan ito. Ipaliwanag na kapag hindi natin tinanggap ang isang regalong ibinigay sa atin, hindi natin matatamasa ang mga pagpapalang dulot ng regalo. Sabihin sa mga bata na pakinggan kung ano ang kailangan nilang gawin para matanggap ang kaloob na Pagbabayad-sala habang binabasa ninyo nang sabay-sabay ang Doktrina at mga Tipan 19:16.



*Para maiakma ang mga aktibidad sa pagbabasa ng banal na kasulatan para sa nakababatang mga bata, hilingin sa kanila na makinig sa pagbabasa ninyo at saka sila patayuin kapag narinig nila ang isang partikular na salita o parirala.*

## Linggo 3: Dahil si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli, gayon din ako.

**Tukuyin ang doktrina** *(pakikinig sa isang kuwento):* Gamitin ang paglalarawan mula sa pahina 123 ng manwal ng nursery (tingnan ang mga tagubilin sa pahina 121) para maikuwento ang Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa Juan 19:41–42; 20:1, 11–18). Ipaliwanag na nang mabuhay na mag-uli si Jesucristo, ang Kanyang katawan at espiritu ay muling nagsama; ginawa nitong posible na mabuhay na mag-uli ang lahat. Ipasabi sa mga bata, "Dahil nabuhay na mag-uli si Jesucristo, gayon din ako."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa nadarama):* Ilista sa pisara ang mga salitang naglalarawan kung ano ang maaaring nadama ng mga disipulo noong araw na mamatay si Jesus (tulad ng *dalamhati, pighati, kalungkutan,* at *kawalan ng pag-asa*). Magpamungkahi sa mga bata ng kabaligtaran ng mga salitang ito (tulad ng *ligaya, galak, pag-asa,* at *pananampalataya*), at isulat ang mga ito sa pisara. Ipaliwanag na ito ang nadama ng mga disipulo nang mabuhay na mag-uli si Jesus. Talakayin ang ilan sa mga pagpapalang dumarating mula sa pagkaalam na tayo ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa Isaias 25:8; Alma 22:14).

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng damdamin):* Isulat sa pisara ang, "Nagpapasalamat ako na nabuhay na mag-uli si Jesus dahil . . ." Anyayahan sa Primary ang isang miyembro ng ward na namatayan ng mahal sa buhay at ipabahagi nang maikli kung bakit siya nagpapasalamat para sa Pagkabuhay na Mag-uli. Itanong sa mga bata kung may kakilala sila na namatay, at papikitin sila at ipaisip sa kanila ang taong iyon. Patayuin ang ilang bata at ipakumpleto ang pangungusap sa pisara at ibahagi kung ano ang kahulugan sa kanila ng Pagkabuhay na Mag-uli.

**Mga visual:** *Nakakatugon nang maayos ang mga bata sa mga visual. Ang paggamit ng iba't ibang visual aid ay magpapanatili ng interes ng mga bata (tingnan sa* PWHDT, *113–14).*



## Linggo 4: Si Jesucristo ang ating Tagapagligtas.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtalakay sa salitang "Tagapagligtas"):* Magpakita ng ilang bagay o larawan na kumakatawan sa mga taong maaaring magligtas sa ating buhay (tulad ng doktor, pulis, o lifeguard), at talakayin kung paano nila tayo maililigtas. Magpakita ng isang larawan ni Jesus, at ipaliwanag na Siya lamang ang may kapangyarihang magligtas sa atin mula sa mga walang-hanggang bunga ng kamatayan at kasalanan. Isulat sa pisara ang, "Si Jesucristo ang ating Tagapagligtas," at basahin ninyo ito kasabay ng mga bata, na binibigyang-diin ang salitang "Tagapagligtas."

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pakikinig sa mga kuwento sa banal na kasulatan):* Magsalaysay sa mga bata ng ilang kuwento sa banal na kasulatan tungkol sa mga taong iniligtas ng Tagapagligtas mula sa kasalanan (halimbawa, Nakababatang Alma [tingnan sa Alma 36:6–24], Enos [see Enos 1:1–8], Zisrom [see Alma 15:3-12], ama ni Lamoni [tingnan sa Alma 22:1–26], o ang lalaking dinala kay Jesus [tingnan sa Lucas 5:17–26]). Ipaliwanag na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayong lahat ay maaaring maligtas mula sa kasalanan. Magpatotoo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas, at anyayahan ang ilang bata na magpatotoo tungkol sa Kanya.

Abril

**Awitin: Awiting pinili ninyo mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata***

**Magpatotoo:** *Habang tinuturuan ninyo ang mga bata, samantalahin ang mga pagkakataong magpatotoo nang maikli tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo (tingnan sa* PWHDT, *55).*

# Ipinanumbalik ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan sa mga Huling Araw

*"Aking ipinadala ang kabuuan ng aking ebanghelyo sa pamamagitan ng kamay ng aking tagapaglingkod na si Joseph" (D at T 35:17).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Nang mamatay si Jesucristo at ang Kanyang mga Apostol, ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay nangawala.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtalakay):* Magpabanggit sa mga bata ng ilang bagay na itinuro ni Jesucristo noong narito Siya sa mundo. Ipakita ang larawan na inoordenan ni Cristo ang mga Apostol. Ipaliwanag na nang si Cristo ay mamatay at mabuhay na mag-uli, itinuro ng Kanyang mga Apostol ang ebanghelyo, ngunit maraming taong ayaw makinig sa kanila; hindi nagtagal, namatay ang mga Apostol, at hindi na itinuro pa ang ilang mahahalagang katotohanan tungkol sa ebanghelyo. Isulat sa pisara ang "Nang mamatay si Jesucristo at ang Kanyang mga Apostol, ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay nangawala," at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagbigkas nito.



*Sa pagdodrowing ay naipapahayag ng mga bata ang pagkaunawa nila sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Gustung-gustong makita ng mga bata na ginagamit ang kanilang larawan bilang mga visual aid.*

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagdodrowing ng mga larawan):* Isulat sa pisara ang ilang alituntunin ng ebanghelyo na nangawala o binago noong panahon ng Apostasiya (halimbawa, binyag, priesthood, mga templo, mga buhay na propeta, at ang sacrament). Hatiin ang mga bata sa maliliit na grupo. Bigyan ang bawat grupo ng kapirasong papel na may nakasulat na isang alituntunin ng ebanghelyo, at magpadrowing sa mga bata ng isang larawang kakatawan sa alituntuning iyon. Ipalagay sa isang bata mula sa bawat grupo ang kanilang larawan sa pisara. Ipaliwanag na noong nasa mundo si Cristo, itinuro Niya ang lahat ng mahahalagang katotohanang ito ng ebanghelyo. Papikitin ang mga bata. Alisin ang lahat ng larawan at itago ang mga ito. Pagkatapos ay pagmulatin ng mga mata ang mga bata. Ipaliwanag na ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay nangawala nang mamatay si Jesucristo at ang Kanyang mga Apostol. Sabihin sa mga bata na ang ebanghelyo ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith. Palitan ang mga larawan, at magpatotoo na nasa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang lahat ng katotohanang nangawala noon. (Itabi ang mga larawan para magamit sa ika-4 na linggo.)

## Linggo 2: Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang larawan):* Takpan ang isang larawan ng Unang Pangitain gamit ang mas maliliit na piraso ng papel. Isa-isang ipaalis sa mga bata ang mga piraso ng papel. Ipataas nang tahimik sa mga bata ang kanilang kamay kapag alam nila kung anong larawan iyon. Pagkatapos maalis ang lahat ng piraso ng papel, hilingin sa mga bata na sabihin sa inyo ang nagaganap sa larawan.


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Ipakita sa mga bata kung saan nila mababasa sa mga banal na kasulatan ang paglalarawan ni Joseph Smith ng kanyang naranasan sa Sagradong Kakahuyan (Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–19). Basahin o ipabasa sa ilang bata ang ilang talatang naglalarawan sa nangyari. Maaari ninyong pagawin ng mga simpleng aksiyon ang nakababatang mga bata, tulad ng pagtayo at pag-uunat ng mga kamay pataas na parang mga puno o paghalukipkip na para silang nagdarasal. Itanong sa mga bata kung ano ang madarama nila kung nakita nilang nagpakita at nakipag-usap ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith. Talakayin ang kahalagahan ng pangyayaring ito.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga patotoo):* Ipakanta sa mga bata ang "Ang Sagradong Kakahuyan" (*AAP*, 145). Pagkatapos ay magpatotoo na nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith. Anyayahan ang ilang bata na ibahagi ang kanilang patotoo tungkol sa Unang Pangitain.

## Linggo 3: Ang awtoridad ng priesthood ay ipinanumbalik ng mga sugo ng langit.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin):* Itanong sa mga bata kung paano nila ibabalita ang isang bagay na napakahalaga. Ipaliwanag na noong araw ay hinihipan ang mga trumpeta kapag may mahalagang bagay na ibabalita. Papikitin ang mga bata at ipaisip sa kanila na kunwari ay mga trumpeta ang naririnig nila habang tumutugtog ang piyanista ng "Ang Pagkasaserdote ay Naipanumbalik" (*AAP*, 60). Ipakanta sa mga bata ang awitin at ipatuklas ang mahalagang mensaheng ibinabalita ng awiting ito. Ipapaliwanag sa ilang bata ang ibig sabihin ng awitin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga panauhing tagapagsalita):* Ipakita sa mga bata ang mga larawan ng pagpapanumbalik ng Aaronic Priesthood at ng pagpapanumbalik ng Melchizedek Priesthood. Anyayahan ang isang mayhawak ng Aaronic Priesthood na ibahagi nang maikli ang kuwento ng pagpapanumbalik ng Aaronic Priesthood (tingnan sa D at T 13; Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72). Pagkatapos ay ipakuwento sa isang mayhawak ng Melchizedek Priesthood ang pagpapanumbalik ng Melchizedek Priesthood sa mga bata (tingnan sa D at T 27:12–13; Joseph Smith—Kasaysayan 1:72). Muling ipakita ang mga larawan, at ipasabi sa mga bata ang pangalan ng mga taong nasa larawan.




**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga patotoo):* Pasulatin ang bawat klase sa isang papel ng isang bagay na mayroon tayo ngayon dahil naipanumbalik ang Aaronic Priesthood (halimbawa, binyag at sakramento) at isang bagay na mayroon tayo dahil naipanumbalik ang Melchizedek Priesthood (halimbawa, kumpirmasyon at mga pagbabasbas sa maysakit). Ipabahagi sa ilang mga bata ang kanilang isinulat. Ipahayag ang inyong pasasalamat sa mga pagpapalang nagmumula sa ating Ama sa Langit dahil sa panunumbalik ng priesthood.



*Ang mga panauhing tagapagsalita ay makapagdaragdag ng kaibhan at saya sa Primary.*

## Linggo 4: Isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon at ipinanumbalik ang mga katotohanan ng ebanghelyo.

**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay):* Bago magsimula ang Primary, isulat sa isang papel ang "Isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon at ipinanumbalik ang mga katotohanan ng ebanghelyo," at gupitin ang papel sa pira-pirasong puzzle. Sa likod ng bawat piraso ng puzzle, isulat ang pangalan ng isang tao o bagay na may kaugnayan sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon (halimbawa, Joseph Smith, Urim at Tummim, anghel Moroni, mga laminang ginto, kapangyarihan ng Diyos, at Oliver Cowdery). Bigyan ang bawat klase ng isa sa mga piraso ng puzzle, at ipatalakay sa kanila kung paano nauugnay ang bagay o tao na nasa likod ng piraso sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Papuntahin ang bawat klase sa harapan ng silid, ipabahagi ang kanilang tinalakay, at ipalagay ang kanilang piraso ng puzzle sa pisara. Kapag kumpleto na ang puzzle, sabay-sabay ninyong basahin ang pangungusap.




*Ang puzzle ay makukuha sa sharingtime.lds.org*

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa panauhing tagapagsalita):* Paganapin ang isang mayhawak ng priesthood bilang Joseph Smith at ipakuwento sa kanya kung paano niya isinalin ang Aklat ni Mormon. Ibigay sa kanya ang ilan sa mga larawang idinrowing ng mga bata noong linggo 1 at ipabahagi sa kanya kung paano ipinanumbalik ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith. Maaari siyang magsuot ng simpleng costume, tulad ng itim na bow tie. Ipahubad sa kanya ang costume at ipabigay ang kanyang patotoo tungkol kay Joseph Smith.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga ideya):* Patayuin ang mga bata kung mababanggit nila ang isang katotohanan ng ebanghelyo na nawala at ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith. Ipabahagi sa ilang bata ang kanilang mga ideya. Magpatotoo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo at sa Aklat ni Mormon.

**Iakma ang mga aktibidad:** *Ang ilan sa mga aktibidad na nasa outline na ito ay mas aakma sa nakatatandang mga bata; ang iba naman ay mas aakma sa nakababatang mga bata. Habang nagpaplano ng inyong mga aralin, isaisip ang edad at kakayahan ng mga batang inyong tinuturuan.*

**Mayo**

**Awitin: Awiting pinili ninyo mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata***

# Tinuturuan Tayo ng mga Propeta na Ipamuhay ang Ipinanumbalik na Ebanghelyo

*"Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta" (Amos 3:7).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***



## Mga Linggo 1 at 2: Ang buhay na propeta ang namumuno sa Simbahan sa ilalim ng patnubay ni Jesucristo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa mga larawan at paglalaro):* Magpakita ng retrato ng buhay na propeta. Hilingin sa ilang bata na pamunuan ang Primary sa isang simpleng aksiyong tulad ng paglundag o pagpalakpak. Ituro ang retrato ng propeta at ipaliwanag na siya ang Pangulo ng Simbahan at dapat nating sundin ang ipinagagawa niya sa atin. Itanong: "Sino ang sinusunod ng propeta?" Magpakita ng larawan ni Jesucristo, at ipaliwanag na ang propeta ay kumikilos sa ilalim ng Kanyang patnubay.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa mga turo ng propeta):* Ipakita sa mga bata ang pinakahuling isyu ng kumperensya ng *Ensign* o *Liahona*. Ipaliwanag na sa pangkalahatang kumperensya, itinuturo sa atin ng propeta ang nais ipagawa sa atin ni Jesucristo. Pumili ng mga pangungusap mula sa mga mensahe ng propeta, at ipabasa ito nang malakas sa mga bata. Sama-samang gumawa ng listahan ng mga bagay na magagawa ng mga bata para masunod ang propeta.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagdodrowing ng isang larawan):* Bigyan ng papel ang bawat bata. Ipatupi ito sa kanila sa gitna. Ipadrowing sa kanila ang larawan ng propeta sa isang panig ng papel at ipasulat o ipadrowing sa kabilang panig ang isang paraan na masusunod nila ang propeta. Patayuin ang mga bata at pahawakan sa kanila ang kanilang mga larawan kapag kinanta nila ang koro ng "Propeta'y Sundin" (*AAP*, 58–59).

Para sa linggo 2, ituro sa mga bata ang isang bagay na itinuro ng propeta sa huling pangkalahatang kumperensya. Habang nagpaplano kayo ng mga aktibidad na gagamitin ninyo, pag-isipan kung paano ninyo matutukoy ang turo ng propeta at matutulungan ang mga bata na maunawaan at maipamuhay ito.

**Bigyang-diin ang doktrina:** *Sa buong buwang ito, bigyang-diin na itinuturo sa atin ng buhay na propeta ang nais ni Jesucristo na malaman natin ngayon. Ipaunawa sa mga bata na kapag sinusunod natin ang propeta, sinusunod natin si Jesucristo.*

## Linggo 3: Itinuturo sa akin ng mga propeta na magbayad ng ikapu.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan at pakikinig sa isang kuwento):* Ipaliwanag na si Malakias ay isang propeta sa Lumang Tipan na nagturo sa mga tao na magbayad ng kanilang ikapu. Ipabasa sa isang bata ang Malakias 3:10 habang pinakikinggan ng iba pang mga bata ang pangako sa atin ng Panginoon kung magbabayad tayo ng ikapu. Ipaliwanag na ang "bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit" ay tumutukoy sa mga pagpapalang tinatanggap natin kapag nagbabayad tayo ng ikapu.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang pakay-aralin):* Papuntahin ang 10 bata sa harapan ng silid. Bigyan sila ng tig-iisang mansanas (o iba pang prutas) at ipataas sa kanila ang kanilang mansanas at pagkunwariin silang mga puno ng mansanas. "Papitasin" ng mga mansanas ang isa pang bata at ipalagay ang mga ito sa isang basket. Ipaliwanag na ang ikapu ay ikasampung porsiyento ng ating kinikita at karaniwan ay pera ang ibinabayad dito, pero may mga pagkakataon na ibinayad ng mga tao ang anumang mayroon sila. Itanong kung ilang mansanas ang ibibigay ng bata sa bishop para sa ikapu.



**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa ikapu):* Magpakita ng isang resibo at sobre ng ikapu. Talakayin ang proseso ng pagbabayad ng ikapu. Ipabahagi sa mga bata kung paano napagpala ang kanilang pamilya sa pagbabayad ng ikapu. Magpatotoo tungkol sa mga pagpapalang dumarating sa pagsunod sa payo ng propeta na magbayad ng ikapu.




## Linggo 4: Tinuturuan ako ng mga propeta na ipamuhay ang Word of Wisdom.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan):* Magpakuwento sa mga bata tungkol sa isang pagkakataon na binalaan sila ng kanilang mga magulang tungkol sa panganib. Itanong kung bakit sila babalaan ng kanilang mga magulang. Ipaliwanag na mahal tayo ng Ama sa Langit at binabalaan tayo tungkol sa panganib sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Ipabasa sa isang bata ang Doktrina at mga Tipan 89:4, at sabihan silang pakinggan kung ano ang tawag sa babalang ito. Ipaliwanag na tinanggap ni Propetang Joseph Smith ang babalang ito, ang Word of Wisdom, bilang isang paghahayag mula sa Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Bago magsimula ang Primary, idikit ang sumusunod na mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa ilalim ng iba't ibang silya: D at T 89:7, D at T 89:8, D at T 89:9, D at T 89:10, D at T 89:12, D at T 89:16. Ipaliwanag na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang ating pisikal na katawan at nais Niyang pangalagaan natin ito; binigyan Niya tayo ng Word of Wisdom para tulungan tayong malaman kung anong mga bagay ang makatutulong sa ating katawan at ano ang makapipinsala rito. Ipahanap sa mga bata ang mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa ilalim ng kanilang silya. Anyayahan ang bawat batang nakakita ng reperensya na basahin nang malakas ang talata. Talakayin ang kahulugan ng bawat talata. Linawin na ang "matatapang na inumin" ay alak at ang "maiinit na inumin" ay kape at tsaa.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro):* Maglagay sa isang bag ng ilang larawan ng iba't ibang pagkain, inumin, at iba pang mga bagay na makabubuti o makasasama sa katawan. Papiliin ang isang bata ng isang larawan mula sa bag at ipakita ito sa iba pang mga bata. Ipabuka sa mga bata ang kanilang bibig kung ang bagay ay makabubuti o patakpan ang kanilang bibig kung ang bagay ay makasasama. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 89:18–21 at talakayin ang mga pagpapalang tinatanggap natin kapag sinusunod natin ang payo ng propeta na ipamuhay ang Word of Wisdom.



*Maaaring matuto ang mga bata sa nakatutuwang mga aktibidad at galaw at manatili pa rin silang mapitagan.*

## Mga tulong para sa music leader

Maaaring gamitin sa buwang ito ang awiting "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta" (*Mga Himno,* blg. 15). Ang sumusunod ay ilang ideyang magagamit sa pagtuturo ng anumang awitin. Bagama't gumamit ng mga wordstrip sa halimbawang ito, maaaring gumamit ng mga larawan sa pagtuturo ng ilang awitin sa maliliit na bata.

Isulat ang bawat parirala ng awitin sa wordstrip na iba ang kulay (o gumamit ng ibang kulay sa pagsulat ng bawat parirala). Hatiin ang bawat parirala sa dalawang bahagi. Gamitin ang anuman sa sumusunod na mga pamamaraan sa pagtuturo ng awitin:

| | |
|---|---|
| Salamat, O Diyos, | sa aming propeta |
| Sa huling | araw patnubay s'ya. |
| Salamat | sa gawad N'yong ebanghelyo |
| Na s'yang aming | liwanag dito. |
| Salamat | sa bawat biyaya |
| Na saganang | gawad N'yo t'wina. |
| Kasiyahan naming | maglingkod |
| At sa utos | N'yo ay sumunod. |

Makikita ang mga wordstrip sa sharingtime.lds.org

1. Ilagay nang hindi sunud-sunod ang lahat ng wordstrip sa paligid ng silid. Hayaang pagsunud-sunurin ng ilang bata ang mga parirala habang paulit-ulit ninyong kinakanta ng mga bata ang awitin. Kantahin at talakayin ang bawat parirala, at kantahin pagkatapos ang buong awitin.
2. Magsimula sa mga wordstrip na nakaayos na sa pisara. Kantahin ninyo ng mga bata ang awitin. Ipaalis sa isang bata ang isang wordstrip, at muling kantahin ang awitin. Ulitin hanggang sa maalis ang lahat ng wordstrip.
3. Ilagay sa pisara ang unang bahagi ng bawat parirala sa tamang ayos at ilagay sa pisara ang mga pangalawang bahagi nang hindi sunud-sunod. Kantahin ang unang bahagi ng isang parirala at ipahanap sa mga bata ang pangalawang bahagi ng parirala at ipaliwanag kung ano ang kahulugan ng parirala.
4. Hatiin ang mga bata sa dalawang grupo. Ipakanta sa isang grupo ang unang bahagi ng bawat parirala at sa kabilang grupo ang pangalawang bahagi. Pagpalitin ang mga grupo at ulitin.

**Hunyo**

# Susundin Ko ang Plano ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng Pagpapabinyag at Pagpapakumpirma

**Awitin: "Sa Aking Pagkabinyag"**
(*AAP*, 53)

*"Magsilapit sa akin, at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay tumanggap ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan, at mapuspos ng Espiritu Santo"* (3 Nephi 30:2).

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Magpakita ng pagmamahal:** *Para maipakita ang inyong pagmamahal sa mga tinuturuan ninyo, taos-pusong purihin ang mga batang kalahok, kahit hindi eksakto ang sagot nila sa tanong ninyo.*


## Linggo 1: Susundin ko si Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapabinyag at pagpapakumpirma at pagtupad sa aking mga tipan sa binyag.

Bago magsimula ang Primary, gumupit ng dalawang malalaking bakat ng paa mula sa magkaibang kulay ng papel. Isulat sa isa ang "pagpapabinyag at pagpapakumpirma" at sa isa pa ang "at pagtupad sa aking mga tipan sa binyag." Maghanda ng ilang mas maliliit na bakat ng paa sa ginamit na dalawang kulay ng papel. Isulat ang isa sa mga sumusunod sa bawat bakat ng paa sa unang kulay: *8 taong gulang, magsisi, magpainterbyu sa bishop, paglulubog sa tubig, awtoridad ng priesthood, tipan, puting kasuotan, Espiritu Santo.* Sa bawat maliit na bakat ng paa sa pangalawang kulay, isulat ang isa sa mga pamantayan mula sa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo." Ilagay nang hindi sunud-sunod ang lahat ng maliliit na bakat ng paa sa paligid ng silid.

**Tukuyin ang doktrina:** Isulat sa pisara ang "Susundin ko si Jesucristo sa pamamagitan ng . . ." Ilagay sa pisara ang malalaking bakat ng paa, nang paisa-isa, at basahin ang mga ito nang sabay-sabay. Ipaliwanag na ang mga ito ay mahahalagang hakbang sa plano ng Ama sa Langit. Kung kailangan, ipaunawa sa mga bata kung ano ang tipan sa binyag.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(paglalaro ng pagtutugma):* Magpahanap sa isang bata ng isa sa mga bakat ng paa sa unang kulay. Ipabasa sa kanya ang salita o pariralang nasa bakat ng paa at ipalagay ito sa pisara sa ilalim ng katugmang malaking bakat ng paa. Itanong sa mga bata kung ano ang kinalaman nito sa binyag at kumpirmasyon. Ulitin sa lahat ng bakat ng paa sa unang kulay.

Magpahanap sa isang bata ng isang bakat ng paa sa pangalawang kulay. Ipabasa sa kanya ang salita o pariralang nasa bakat ng paa at ipalagay ito sa pisara sa ilalim ng katugmang malaking bakat ng paa. Talakayin kung paano matutulungan ang mga bata na matupad ang kanilang mga tipan sa binyag sa pamamagitan ng pamumuhay ng pamantayan ng ebanghelyo na nakalista sa bakat ng paa. Ulitin sa iba pang mga bakat ng paa.




*Makukuha ang mga bakat ng paa sa sharingtime.lds.org*



*Ang pag-uugnay ng isang doktrina sa isang visual ay magpapaalala sa mga bata ng araling itinuturo.*

## Linggo 2: Kung mamumuhay ako nang karapat-dapat, tutulungan ako ng Espiritu Santo na piliin ang tama.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin):* Itanong sa mga bata kung anong kaloob ang ibinibigay sa atin matapos tayong binyagan. Kantahin ang ikalawang talata ng "Ang Espiritu Santo" (*AAP*, 56). Bago kayo kumanta, hilingin sa mga bata na pakinggan ang sagot sa sumusunod na tanong: Ano ang nagagawa natin sa tulong ng Espiritu Santo? Ipaunawa sa mga bata na ang marahan at banayad na tinig ay ang Espiritu Santo at na tinutulungan Niya tayong piliin ang tama.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang pakay-aralin):* Ipaliwanag na kailangan tayong matutong makinig sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pakikinig sa mga ideya sa ating isipan at sa nadarama natin sa ating puso (tingnan sa D at T 8:2). Magpalagay sa isang bata ng

barya sa babasaging garapon at ipaalog ito. Hayaang obserbahan ng mga bata kung gaano kalinaw nila maririnig ang tunog. Padagdagan sa mga bata ng isang kutsarang lupa, bigas, buhangin, o mga cotton ball ang garapon. Matapos ilagay ang isang kutsara ng bawat isa nito, muling ipaalog sa bata ang garapon, at hayaang sabihin ng mga bata kung paano nito naapektuhan ang tunog. Patuloy na magdagdag ng isang kutsara ng mga ito hanggang sa hindi na marinig ng mga bata ang tunog ng barya. Ihalintulad ito sa hirap na makinig sa Espiritu Santo kapag puno ng mga gambala o kasalanan ang ating buhay. Alisan ng laman ang garapon at ipakita kung gaano kalinaw nila muling maririnig ang barya. Magpatotoo na ang pagsunod sa mga utos at pagsisisi sa ating mga kasalanan ay tumutulong sa atin na marinig ang Espiritu Santo.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga ideya):* Hatiin ang mga bata sa mga grupo at ipapasa sa bawat grupo ang isang maliit na bagay habang kinakanta o sinasambit ninyo ang mga titik ng "Ang Espiritu Santo." Tumigil maya't maya at magpasabi sa bawat batang may hawak sa bagay na iyon ng isang bagay na magagawa nila para mas malinaw na marinig ang Espiritu Santo. Magtapos sa pagkanta nang sabay-sabay ng "Ang Espiritu Santo."

## Linggo 3: Kapag tumatanggap ako ng sakramento, pinaninibago ko ang aking mga tipan sa binyag.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa mga larawan):* Magpakita ng larawan ng binyag at larawan ng sakramento at itanong kung paano nagkakaugnay ang dalawang larawan. Ipaalala sa mga bata na nakikipagtipan tayo sa Ama sa Langit kapag tayo





ay nabinyagan, at ipaliwanag na kapag tumatanggap tayo ng sakramento ay pinaninibago natin ang ating mga tipan sa binyag.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig at pagtalakay):* Anyayahan ang mga bata na ituro ang kanilang sarili o ang langit para tukuyin kung sino ang nangangako habang binabasa ninyo ang sumusunod na mga pahayag mula sa panalangin sa sakramento (tingnan sa D at T 20:77): "taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak"; "lagi siyang alalahanin"; "susundin ang kanyang mga kautusan"; "sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu." Talakayin ang kahulugan ng bawat parirala.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pag-akto):* Pag-isipin ang mga bata ng isang aksiyong magpapaalala sa kanila ng bawat bahagi ng tipan na naririnig natin sa panalangin sa sakramento, tulad ng paglalagay ng kanilang kamay sa tapat ng kanilang puso (taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak); pagturo sa noo (lagi siyang alalahanin); pagbubukas ng kanilang mga kamay na parang isang aklat (susundin ang kanyang mga kautusan); at pagyakap sa kanilang sarili (sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu). Ilang beses na uliting lahat ang apat na pangako nang may aksiyon. Hikayatin ang mga bata na isipin nila ang mga aktong ito kapag narinig nila ang mga panalangin sa sakramento.



## Linggo 4: Kapag ako ay nagsisi, ako ay maaaring mapatawad.

**Tukuyin ang doktrina** *(pag-aayos ng mga salita):* Ipapaliwanag sa mga bata ang kahulugan ng mga salitang *magsisi* at *magpatawad.* Bigyan ang bawat klase ng isang sobreng may magkakahiwalay na papel na may nakasulat na: *Kapag, ako, ay nagsisi, ako, ay, maaaring, mapatawad.* Ipaayos sa bawat klase ang kanilang mga salita sa tamang pagkakasunud-sunod. Kapag tapos na sila, ipaulit sa lahat ng bata ang pangungusap nang sabay-sabay.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsasadula ng isang kuwento sa banal na kasulatan):* Ikuwento ang alibughang anak (tingnan sa Lucas 15:11–24) sa sarili ninyong mga salita, gamit ang mas maraming aksiyon hanggang maaari (halimbawa, itaas ang dalawang daliri para kumatawan sa dalawang anak na lalaki, at haplusin ang inyong tiyan para kumatawan sa gutom). Anyayahan ang mga bata na pakinggan ang kuwento at tahimik na gayahin ang inyong mga aksiyon. Magpakita ng isang larawang kumakatawan sa alibughang anak at itanong kung paano naging kagaya ng ating Ama sa Langit ang ama sa kuwento. Ipaliwanag na kagaya ng ama, mahal tayo ng ating Ama sa Langit at nais Niya tayong makabalik sa Kanya; patatawarin niya tayo sa lahat ng ginagawa nating mali kung magsisisi tayo.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan):* Ipabasa sa isang bata ang Mosias 26:30. Hilingin sa mga bata na pakinggan kung gaano kadalas maaaring mapatawad ang isang tao. Ipaisip sa kanila nang tahimik kung ano ang gagawin nila sa susunod na gumawa sila ng mali.

**Isali ang lahat ng bata:** *Natututo at nakakaalala ang mga bata sa pamamagitan ng paggalaw at aktibidad. Isali sila habang nagkukuwento kayo sa pamamagitan ng pagpapagawa sa kanila ng mga simpleng aksiyon at galaw.*

**Hulyo**

# Ang mga Pamilya ay Bahagi ng Plano ng Ama sa Langit

**Awitin: "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan"**
(*AAP*, 98)



**Iakma ang mga aktibidad:** *Ang ikalawang aktibidad sa linggo 1 ay magandang gawin para sa nakababatang mga bata. Para sa nakatatandang mga bata, magplano ng mga paraan na maituro ang tungkol sa mga pamilyang ito mula sa mga banal na kasulatan.*

*Ang mga pakay-aralin ay magagamit para makawili, maituon ang pansin ng mga bata, at maipaalam ang isang alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa* PWHDT*, 216).*

*"Ang mag-anak ay inorden ng Diyos" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," talata 7).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Plano ng Ama sa Langit na isilang ako sa isang pamilya.

**Tukuyin ang doktrina:** Ipakita sa mga bata ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," at ipaliwanag na itinuturo nito na ang plano ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak ay pumarito sa lupa sa mga pamilya.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa mga larawan):* Hatiin ang mga bata sa mga grupo at bigyan ang bawat grupo ng larawan ng isang pamilya (halimbawa, tinuturuan nina Adan at Eva ang kanilang mga anak [*ASE*, blg. 5], ibinabangon ni Jesus ang anak na babae ni Jairo [*ASE*, blg. 41], nakarating ang pamilya ni Lehi sa lupang pangako [*ASE*, blg. 71], at isang pamilyang nagdarasal [*ASE*, blg. 112]). Ipahanap sa bawat grupo ang mga miyembro ng pamilya sa kanilang larawan. Sabihin sa bawat grupo na ipakita ang kanilang larawan sa iba pang mga bata at ituro ang ama, ina, at mga anak. Hilingin sa mga bata na imuwestra sa kanilang mga daliri kung ilan ang miyembro ng sarili nilang pamilya. Sabihin sa kanila na ang kanilang pamilya ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit.

**Maghikayat ng pagsasabuhay:** Patayuin ang mga batang lalaki. Ipaliwanag na maaari silang maging ama ng isang matwid na pamilya balang araw. Magpabanggit sa ilang batang lalaki ng isang bagay na maaari nilang gawin para maging mabuting ama.



*Tip: Mas matututo at mas makakatanda ang mga bata kapag naglahad kayo ng mga ideya gamit ang mga larawan at iba pang mga visual (tingnan sa* PWHDT*, 232, 239–40).*

Patayuin ang mga batang babae, at ipaliwanag na bawat isa sa kanila ay maaaring maging ina ng isang matwid na pamilya. Magpabanggit sa ilan sa kanila ng isang bagay na maaari nilang gawin para maging mabuting ina. Magpabahagi sa lahat ng bata ng isang bagay na magagawa nila para mapaligaya ang kanilang pamilya ngayon.

## Linggo 2: Ang panalangin ng pamilya, pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya, at family home evening ay maaaring magpatatag sa aking pamilya.




**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa isang pakay-aralin):* Ipahawak sa isang bata ang isang bungkos ng mga patpat. Ipaliwanag na ang mga patpat ay kumakatawan sa mga miyembro ng isang pamilya. Isulat ang "panalangin ng pamilya," "pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya," at "family home evening" sa tatlong pirasong papel. Itanong sa mga bata kung paano mapapatatag o mapapatibay ng mga aktibidad na ito ang mga pamilya. Anyayahan ang mga bata na balutan ng papel ang mga patpat. Ipaliwanag na ang mga aktibidad na ito ay nag-aanyaya ng Espiritu sa ating tahanan at buhay at naglalapit sa atin sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, na nagpapatatag naman sa ating pamilya.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagdodrowing ng mga larawan):* Bigyan ng mga kapirasong papel ang mga bata, at pagdrowingin sila ng larawan ng mga aktibidad na nagawa nila ng kanilang pamilya na nagpatatag sa kanila. Ipabahagi sa kanila ang kanilang idinrowing sa kanilang pamilya sa bahay.



## Linggo 3: Maaaring pagpalain at patatagin ng priesthood ang aking pamilya.

**Tukuyin ang doktrina** *(paglalaro ng hulaan):* Sabihin sa mga bata na bibigyan ninyo sila ng ilang clue tungkol sa isang bagay na nagpapala at nagpapatatag sa mga pamilya. Ipataas ang kanilang mga kamay kapag alam nila ang sagot. Magbigay ng ilang clue tungkol sa priesthood, tulad ng "Ang mga amang mayroon nito ay maaaring basbasan ang kanilang pamilya" at "Maaari itong matanggap ng mga batang lalaking 12 taong gulang." Kapag tama ang hula ng mga bata, sabay-sabay na sabihing, "Maaaring pagpalain at patatagin ng priesthood ang aking pamilya."



**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa priesthood):* Magpabanggit sa mga bata ng ilang bagay na magagawa ng mga mayhawak ng priesthood (halimbawa, magbinyag, magbigay ng kaloob na Espiritu Santo, magbasbas ng maysakit, at magpasa ng sakramento). Magpakita ng mga larawan ng mga ordenansa at pagpapalang ito habang tinatalakay ninyo ang mga ito, at ipaunawa sa mga bata kung paano nito napagpapala at napapatatag ang mga pamilya. Magpakita ng larawan ng isang templo. Ipaliwanag na ang isa sa pinakadakilang mga pagpapala ng priesthood ay na naging posible na makapunta sa templo at sama-samang mabuklod bilang pamilya magpakailanman.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga ideya):* Patayuin ang ilang bata at pagbahaginin ng isa o dalawang paraan na napagpala at napatatag ng priesthood ang kanilang pamilya. Hikayatin silang ibahagi ang mga ideyang ito sa kanilang pamilya sa bahay.

## Linggo 4: Nais ng Ama sa Langit na magpakasal ako sa templo at magkaroon ng walang-hanggang pamilya.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang larawan):* Magpakita ng larawan ng isang magkasintahang nakatayo sa harapan ng templo na nakadamitpangkasal. Itanong sa mga bata kung bakit nais ng Ama sa Langit na makasal tayo sa templo. Ipaliwanag na kapag ikinasal tayo sa templo, ang ating pamilya ay maaaring maging walang hanggan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga patotoo):* Anyayahan ang ilang guro, pati na mga mag-asawa, na ikuwento ang mga pagpapalang natanggap nila dahil sa templo at sa kasal sa templo. Hilingin sa mga bata na pakinggan ang partikular na mga pagpapala habang ibinabahagi ng mga guro ang kanilang mga kaisipan. Ilista sa pisara ang mga pagpapalang ito.

**Maghikayat ng pagsasabuhay:** Patayuin ang ilang bata at ipabahagi kung bakit nila gugustuhing makasal sa templo at kung ano ang magagawa nila ngayon para mapaghandaan ang pagpapalang iyon.



**Tip:** *Habang nagtuturo kayo tungkol sa mga walang-hanggang pamilya, maging sensitibo sa mga batang wala nang ama at ina sa kanilang tahanan. Maging sensitibo rin sa mga batang ang mga magulang o kapatid ay di-gaanong aktibo o hindi miyembro ng Simbahan. Hikayatin ang lahat ng bata na mamuhay nang marapat at maghanda para magkaroon sila ng sarili nilang walang-hanggang pamilya balang araw.*

**Agosto**

# Pinakikinggan at Sinasagot ng Ama sa Langit ang Aking mga Panalangin

**Awitin: "Panalangin ng Isang Bata"** (*AAP*, 6–7)

**Pagpipitagan:** *Natututo ang mga bata sa pamamagitan ng paggalaw at aktibidad. Magplano ng mga paraan para mapitagang mawakasan ang isang aktibidad na may paggalaw upang maihanda ang mga bata para sa susunod na aktibidad. Isiping kumanta ng isang mapitagang awitin.*

*Ang mga bata mismo ay maaaring maging epektibo at kaakit-akit na mga visual. Sa aktibidad na ito, may pagkakataon ang mga bata na ipamalas ang tamang paraan ng pagdarasal.*

*"Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin" (D at T 112:10).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Itinuturo sa akin ng mga banal na kasulatan kung paano magdasal.



**Tukuyin ang doktrina:** Itaas ang mga banal na kasulatan at ipabanggit sa mga bata ang ilan sa mga bagay na natututuhan natin sa mga banal na kasulatan. Sabihin sa mga bata na ang isa sa mga bagay na natututuhan natin sa mga banal na kasulatan ay kung paano magdasal.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pakikinig sa isang kuwento sa banal na kasulatan):* Ikuwento ang pagtuturo nina Alma at Amulek sa mga Zoramita (tingnan sa Alma 31; 33–34). Anyayahan ang mga bata na i-pantomime ang tamang paraan ng pagdarasal. Itanong sa mga bata kung anong kuwento ang nagtuturo tungkol sa panalangin. Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga bata. Ipatalakay sa mga bata kung paano naaangkop sa kanila ang kuwento.

## Linggo 2: Nais ng Ama sa Langit na manalangin ako sa Kanya nang madalas—kahit kailan, kahit saan.

**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Sabihin sa mga bata na makapagdarasal sila sa Ama sa Langit kahit kailan, kahit saan. Ipahanap sa kanila ang Alma 33:3–9. Basahin nang sabay-sabay ang mga talata at ipataas ang kamay ng mga bata tuwing maririnig nila ang lugar kung saan nanalangin si Zenos. Isulat sa pisara ang mga lugar na ito. Ipaunawa sa mga bata kung ano ang magiging kabuluhan ng mga lugar na ito sa kanila ngayon sa pamamagitan ng paggawa ng mga wordstrip para sa mga makabagong kahalintulad ng mga ito (halimbawa, *isang lugar na nadama ninyong kayo ay naliligaw o nag-iisa* para sa "ilang"; *bakuran, palaruan, o parke* para sa "parang"; at *mga klase at pulong natin sa simbahan* para sa "mga kongregasyon"). Ipatugma sa mga bata ang mga wordstrip sa kaukulang mga salita na nasa pisara.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa panalangin):* Hatiin ang mga bata sa mga grupo at ipabahagi ang naranasan nila nang manalangin sila sa mga lugar na binanggit ni Zenos.

## Mga linggo 3 at 4: Ang sagot sa mga panalangin ay nagmumula sa Ama sa Langit sa maraming paraan.

**Tukuyin ang doktrina** *(paglalaro):* Bago magsimula ang Primary, isulat sa pisara ang, "Ang sagot sa mga panalangin ay nagmumula sa Ama sa Langit sa maraming paraan," at takpan ang bawat salita ng magkakahiwalay na kapirasong papel. Ipaalis sa isang bata ang isang kapirasong papel, at pahulaan sa mga bata kung ano ang pangungusap. Ulitin hanggang sa malaman ng mga bata ang pangungusap, at ipabasa ito sa kanila nang sabay-sabay.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Sabihin sa mga bata na nagdasal si Joseph Smith para malaman kung aling simba-



han ang kanyang sasapian. Basahin nang sabay-sabay ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:17 para malaman kung paano sinagot ang kanyang panalangin (sa pagbisita ng Ama sa Langit at ni Jesucristo). Sabihin sa mga bata na ipinagdasal ni Alma na malaman ng kanyang anak na si Nakababatang Alma ang katotohanan. Basahin nang sabay-sabay ang Mosias 27:11 para malaman kung paano sinagot ang panalangin ni Alma (nagpakita ang isang anghel kay Nakababatang Alma). Ipaliwanag na karamihan ng sagot sa mga panalangin ay dumarating sa ibang mga paraan. Sa magkakahiwalay na kapirasong papel isulat ang sumusunod na mga banal na kasulatan na naglalarawan ng mga paraan na maaaring masagot ang mga panalangin: D at T 6:22–23 (sa pamamagitan ng payapang damdamin); D at T 8:2 (sa mga ideya sa ating isipan at damdamin sa ating puso); Mosias 27:36 (sa pamamagitan ng mga kilos ng ibang mga tao); at 2 Nephi 32:3 (sa mga banal na kasulatan). Ilagay ang mga kapirasong papel sa isang lalagyan. Pabunutin ng isa ang isang bata at ipabasa ito sa kanya. Hanapin ang reperensya sa banal na kasulatan, basahin ito nang sabay-sabay, at itanong sa mga bata kung ano ang itinuturo ng bawat talata tungkol sa kung paano sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pakikinig sa mga kuwento):* Magpakuwento sa apat na panauhin ng isang paraan na sinasagot ang mga panalangin. Ang mga halimbawa ay maaaring magmula sa mga personal na karanasan, mga magasin ng Simbahan, o mga banal na kasulatan. Anyayahan ang mga bata na magtanong sa kanilang pamilya sa bahay tungkol sa mga pagkakataon na nasagot ang kanilang mga panalangin.



*Malinaw na ipaalam ang doktrinang matututuhan ng mga bata bawat linggo. Isiping pasabayin sila sa inyo sa pagsasabi nito sa simula ng oras ng pagbabahagi.*

## Mga tulong para sa music leader

Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang "Panalangin ng Isang Bata" (*AAP,* 6–7), isipin ang mga sumusunod:

- Sabihin sa mga bata na kunwari ay matagal silang napalayo sa kanilang pamilya at ngayon ay pauwi na sila; bubuksan nila ang pintuan at madarama nila ang kapanatagan at pagmamahal. Ipaliwanag na ang pagdarasal ay parang pagbubukas ng pintuan patungo sa Ama sa Langit; talagang nariyan Siya para panatagin at mahalin tayo, at nais Niyang pakinggan at sagutin ang panalangin ng bawat bata.
- Hilingin sa mga bata na pakinggan ang mga salitang "nar'yan" at "dalangin" kapag kinanta ninyo ang unang dalawang linya ng "Panalangin ng Isang Bata." Pahawakan sa mga bata ang kanilang tainga kapag narinig nila ang mga salita. Anyayahan silang sabayan kayo sa pagkanta ng mga linyang iyon. Ituloy ang pagkanta, at sabihin sa mga bata na pakinggan ang magkakatunog na salita sa bawat linya.
- Kantahin nang paisa-isang parirala ang pangalawang talata, at ipaulit sa mga bata ang bawat parirala kapag itinuro ninyo ito. Pagkatapos ay hatiin ang mga bata sa dalawang grupo at ipakanta sa isang grupo ang unang bahagi ng bawat parirala (halimbawa, "Manalangin") at ipatapos sa isa pang grupo ang parirala ("naririnig N'ya"). Patayuin ang lahat ng bata para kumanta ng, "Sapagkat gayon ang kaharian N'ya."



**Mga banal na kasulatan:** *Mahalagang matutuhan ng mga bata ang mga katotohanan ng ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan. Hawakan ang mga banal na kasulatan habang nagtuturo mula rito.*

Setyembre


# Paglilingkuran Ko ang Diyos nang Buong Puso, Kapangyarihan, Pag-iisip, at Lakas

*"Ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong puso, nang buo ninyong kapangyarihan, pag-iisip, at lakas; at sa pangalan ni Jesucristo paglingkuran ninyo siya" (D at T 59:5).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Mga dula-dulaan:** *Ang pagdudula-dulaan o pagganap sa mga sitwasyon ay tumutulong sa mga bata na maiangkop ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa tunay na buhay. Nagbibigay rin ito sa mga bata ng mga pagkakataong makilahok nang aktibo.*

## Linggo 1: Tinuruan tayo ni Jesucristo kung paano paglingkuran ang kapwa.



**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa mga larawan):* Magdispley ng ilang larawan ni Jesucristo na naglilingkod sa kapwa. Halimbawa, gamitin ang *ASE* mga larawan 41, 42, 46, 47, at 55. Hilingin sa mga bata na ipaliwanag ang nangyayari sa bawat larawan. Ituro na pinaglilingkuran ni Jesus ang iba sa bawat larawan. Isulat sa pisara ang, "Tinuruan tayo ni Jesucristo kung paano paglingkuran ang kapwa."


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdudula-dulaan):* Hilinging maghalinhinan ang mga bata sa pag-akto ng isa sa mga pangangailangang inilarawan sa Mateo 25:35–36. Halimbawa, maaaring magkunwari ang isang bata na nagugutom, nauuhaw, isang dayuhan, o maysakit. Pahulaan sa ibang mga bata ang pangangailangan at ipasadula pagkatapos kung paano nila mapaglilingkuran ang isang taong may gayong pangangailangan. Basahin nang sabay-sabay ang Mateo 25:35–40, at ipahanap sa mga bata kung sino ang sinasabi ni Jesucristo na pinaglilingkuran natin kapag pinaglingkuran natin ang iba.

**Maghikayat ng pagsasabuhay:** Bigyan ng kapirasong papel ang mga bata at paglistahin sila ng mga pangalan o pagdrowingin ng mga taong mapaglilingkuran nila at kung paano nila mapaglilingkuran ang mga taong iyon. Hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga ideya sa kanilang pamilya sa bahay.

*Sa paggamit ng mga simpleng costume tulad ng bata at sumbrero, mas makaaaliw ang mga pagsasadula. Ang mga pagsasadula ay higit na magpapaunawa sa mga bata ng mga alituntunin ng ebanghelyo at mga salaysay mula sa mga banal na kasulatan.*

## Linggo 2: Ipinapakita sa atin ng mga propeta at apostol kung paano maglingkod.

**Tukuyin ang doktrina:** Magdispley ng mga larawan nina Moises, Haring Benjamin, Joseph Smith, at Thomas S. Monson. Sabihin sa mga bata na ipinapakita sa atin ng mga propetang ito, gaya ng lahat ng propeta at apostol, kung paano maglingkod sa kapwa.



**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng hulaan):* Maghanda ng mga clue tungkol sa kung paano ipinapakita sa atin nina Moises, Haring Benjamin, Joseph Smith, at Thomas S. Monson kung paano maglingkod. Halimbawa, ang ilang clue tungkol kay Pangulong Monson ay maaaring "Regular kong binisita ang mga balo sa aking ward," "Noong bata pa ako ibinigay ko sa ibang bata ang mga paborito kong laruan," at "Madalas akong bumisita sa mga maysakit sa ospital." Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na mga reperensya sa paghahanda ng mga clue. Moises: Exodo 2:16–17; 1 Nephi 17:24–29. Haring Benjamin: Mosias 2:12–19. Joseph Smith: Joseph Smith—Kasaysayan 1:62, 67; D at T 135:3. Thomas S. Monson: Nob. 2006, 56–59.

Pumili ng apat na batang kakatawan sa mga propetang ito, at ipabasa sa isa sa kanila ang mga clue na inyong inihanda. Ipataas sa ibang mga bata ang kanilang kamay kung inaakala nilang alam nila kung sino ang propeta. Pagkatapos ay ipahanap sa kanila ang larawan ng propetang iyon. Ulitin sa iba pang mga propeta.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pakikinig sa kumperensya):* Anyayahan ang mga bata na panoorin o pakinggan ang pangkalahatang kumperensya sa susunod na buwan. Hikayatin silang makinig sa mga kuwento tungkol sa kung paano paglingkuran ang kapwa. Bigyan sila ng mga pagkakataong ibahagi ang natutuhan nila.

## Mga linggo 3 at 4: Kapag pinaglilingkuran ko ang iba, pinaglilingkuran ko ang Diyos.




**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaulo ng isang talata sa banal na kasulatan):* Tulungan ang mga bata na isaulo ang huling bahagi ng Mosias 2:17 sa pamamagitan ng pagsulat sa pisara ng, "Kapag kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos." Ipaulit sa mga bata ang parirala nang dalawa o tatlong beses. Ipabura sa isang bata ang isa o dalawang salita, at muling ipaulit sa mga bata ang parirala. Ulitin hanggang sa wala nang matirang salita sa pisara.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga pinag-aaralang sitwasyon):* Bilang paghahanda, mapanalanging pag-aralan ang mensahe ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf sa kumperensya noong Abril 2010, "Kayo ang Aking mga Kamay" (tingnan sa *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2010, 68–70, 75). Itanong sa mga bata kung paano tayo naglilingkod sa Diyos kapag pinaglilingkuran natin ang mga nasa paligid natin (ginagawa natin ang gagawin Niya kung narito Siya). Magbahagi ng isang kuwento o personal na karanasan sa paglilingkod, at ipaliwanag kung paano nito pinagpala kapwa ang nagbigay at ang tumanggap. (Makakakita kayo ng mga kuwento ng paglilingkod sa *Friend* o *Liahona*.) Maghanda ng ilang pinag-aaralang sitwasyon (tingnan sa *PWHDT,* 214–16) na nagpapakita kung paano mapaglilingkuran ng mga bata ang iba. Halimbawa: "Natapilok si Annie at nadapa sa daan pauwi mula sa paaralan, at nagkalat sa lupa ang kanyang mga aklat at papel. Tumigil si David para tulungan siyang tumindig at dinampot nito ang kanyang mga aklat." "Nahihirapang magbuhat ng mga pinamili sa groserya ang kapitbahay ni Mary papasok sa bahay nito samantalang umiiyak ang kanyang anak. Tinulungan siya ni Mary na magbuhat ng kanyang mga pinamili." Ipasadula sa mga bata ang mga pinag-aaralang sitwasyon at ipasabi kung sino ang naglingkod (sa pinaglingkuran at sa Diyos).

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(paglalaro ng pagtutugma):* Hanapin o idrowing ang mga larawan ng mga taong maaaring paglingkuran ng mga bata, tulad ng isang magulang, kapatid, lolo o lola, kaibigan, at kapitbahay. Gumawa ng pangalawang kopya ng mga larawang ito at maglaro ng pagtutugma kasama sila (tingnan sa *PWHDT,* 223–24). Kapag nakapagtugma ang isang bata, magpabanggit sa kanya ng isang paraan na mapaglilingkuran ang taong nasa mga larawan. Ilista sa pisara ang mga ideya ng mga bata. Para sa ilang ideya kung paano maglingkod, tingnan sa *Primarya 4,* 188.

**Panatilihing dalisay ang doktrina** *sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo at hindi ng ibang mga bagay. Laging gamitin ang mga materyal sa aralin na nilikha at inaprubahan ng Simbahan (tingnan sa* PWHDT*, 63).*



*Ang mga laro ay nagbibigay ng kaibhan sa mga aralin, nagtutulot sa mga bata na makasalamuha ang isa't isa, at pinatitibay ang alituntunin ng ebanghelyo na itinuturo sa masayang paraan.*

**Oktubre**

# Ibabahagi Ko ang Ebanghelyo sa Lahat ng Anak ng Diyos

*"Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Pagrerepaso:** *Alalahaning bigyan ang mga bata ng mga pagkakataong ibahagi ang natutuhan nila kapag nanood o nakinig sila sa pangkalahatang kumperensya (tingnan sa Setyembre, linggo 2).*

## Linggo 1: Ang pamumuhay sa ebanghelyo ay tumutulong sa akin na maging misyonero ngayon.

**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa isang kuwento):* Magdispley ng isang larawan ng mga misyonero. Itanong sa mga bata kung ano ang ginagawa ng mga misyonero. Ibahagi ang sumusunod na kuwento o isang kuwento mula sa *Friend* o *Liahona:* "Isang araw ay kumatok ang dalawang misyonero sa pintuan ng isang tahanan. Isang babaeng nagngangalang [Mrs]. James ang nagbukas ng pinto. Sinabi ng mga misyonero sa kanya na sila ay mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pinapasok ni [Mrs.] James ang mga misyonero at sinabi sa kanilang nais niyang malaman ang higit pa tungkol sa Simbahan. . . . Sinabi ni [Mrs.] James [sa mga misyonero] na dati ay may kapitbahay siyang isang mag-anak na kasapi ng Simbahan. Sinabi niya na ang mga bata sa mag-anak na iyon ay palaging magagalang at mababait. Sila ay nakikipaglaro nang patas sa lahat at iginalang ang ari-arian ng ibang mga tao. Sinabi ni [Mrs.] James na nais niyang malaman ang tungkol sa isang simbahan na nagturo sa mga batang iyon na maging gayon kabuting mga kapitbahay" (*Primarya 2,* 60). Itanong: "Paano naging mga misyonero ang mga batang kapitbahay ni Mrs. James?" Ipaliwanag na tuwing ipinamumuhay natin ang ebanghelyo tayo ay nagiging mga misyonero. Pasabayin ang mga bata sa inyo sa pagsasabi ng "Ang pamumuhay sa ebanghelyo ay tumutulong sa akin na maging misyonero ngayon," na binibigyang-diin ang salitang *ngayon*.

## Linggo 2: Ang pamumuhay sa ebanghelyo ay tumutulong sa akin na maging misyonero ngayon.



*Ang pagkanta tungkol sa isang doktrina ay tumutulong sa mga bata na matutuhan at maalala ito. Mas natututo rin ang mga bata kung makakakita sila ng visual o magtatanghal ng isang aktibidad na sinabayan ng musika.*

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin at pagtalakay sa mga pamantayan ng ebanghelyo):* Gumawa ng 13 card, na bawat isa ay may nakasulat na "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" (tingnan sa "Oras ng Pagbabahagi: Sundin ang mga Utos," *Liahona,* Hunyo 2006, K4). Ipamigay ang mga card sa mga bata, at ipapasa sa kanila ang mga card sa isa't isa habang kumakanta ang lahat ng "Nais Ko nang Maging Misyonero" (*AAP,* 90). Kapag natapos ang awitin, ipabasa nang malakas ang pamantayan sa bawat batang may hawak ng isang card pagkatapos ay ipasabi kung paano siya matutulungan ng pamumuhay ng pamantayang iyon na maging misyonero ngayon. Ulitin, gamit ang iba't ibang card sa tuwina.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtatakda ng mga mithiin):* Papiliin ang bawat bata ng isang pamantayan sa ebanghelyo na sisikapin nilang ipamuhay nang mas mabuti sa darating na linggo. Pasulatin o pagdrowingin sila ng isang larawan ng pamantayan sa kapirasong papel at patingnan ito sa kanila bawat araw bilang paalala. Ipaulat sa kanila ang kanilang mga naranasan sa susunod na linggo sa Primary.

## Linggo 3: Maibabahagi ko ang ebanghelyo sa aking pamilya at mga kaibigan.

**Tukuyin ang doktrina** *(pakikinig sa isang kuwento):* Bago magsimula ang Primary, basahin ang mensahe ni Elder Robert C. Oaks sa kumperensya noong Oktubre 2000 na, "Pagbabahagi ng Ebanghelyo" (tingnan sa *Liahona,* Ene. 2001, 95–97). Isalaysay sa mga bata ang kuwento tungkol sa orange juice. Ipaliwanag na mas kasiya-siya ang ebanghelyo kaysa orange juice at dapat natin itong ibahagi sa iba. Ipasabi sa mga bata ang, "Maibabahagi ko ang ebanghelyo sa aking pamilya at mga kaibigan."


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa isang panauhing tagapagsalita):* Anyayahan ang isang misyonero o returned missionary na magsalita tungkol sa mga paraan na maibabahagi ng mga bata ang ebanghelyo sa iba (tulad ng pagiging mabubuting halimbawa, pag-anyaya sa mga kaibigan sa Primary, at pagbabahagi ng kanilang patotoo) at kung paano natutulungan ang Ama sa Langit at ang mga misyonero sa mga pagsisikap nilang ibahagi ang ebanghelyo.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pakikinig sa isang kuwento at pagbabahagi ng mga ideya):* Ipaalala sa mga bata na maaari silang maging mga misyonero ngayon. Magbahagi ng isang pagkakataon na naibahagi ninyo o ng isang taong kakilala ninyo ang ebanghelyo. Patayuin nang paisa-isa ang mga bata at ipasabi sa bawat isa ang isang salita sa pangungusap na "Maibabahagi ko ang ebanghelyo." Pag-isipin ang batang nagsabi ng "ebanghelyo" ng isang paraan na maibabahagi niya ang ebanghelyo sa kanyang pamilya o mga kaibigan. Ulitin kung may oras pa.

**Tip:** *May ilang mga linggo na naglalaman ng mas maraming ideya na hindi ninyo makakayang talakayin sa isang oras ng pagbabahagi. Mapanalanging piliin ang mga aktibidad na pinakamainam na aakma sa mga bata sa inyong Primary.*

## Linggo 4: Lumalakas ang aking patotoo kapag ibinabahagi ko ang ebanghelyo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang pakay-aralin):* Punuin ng tubig ang isang malinaw na lalagyan. Ipaliwanag na tuwing ibabahagi natin ang ebanghelyo, lalong lumalakas ang ating patotoo. Lagyan ng isang patak ng food coloring ang lalagyan. Magbigay ng ilang halimbawa kung paano natin maibabahagi ang ebanghelyo, na nagdaragdag ng isa pang patak ng food coloring na iyon para sa bawat halimbawa. Ituro na tulad ng pagtindi ng kulay nito sa bawat patak ng food coloring, lalong lumalakas ang ating patotoo tuwing ibabahagi natin ang ebanghelyo.






*Ang mga pakay-aralin ay lumilikha ng interes at itinutuon ang pansin ng mga bata sa isang alituntunin ng ebanghelyo.*

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa mga patotoo):* Ilagay sa isang bag ang mga sumusunod: isang larawan ni Jesucristo, isang larawan ni Joseph Smith, isang larawan ng kasalukuyang propeta, isang Aklat ni Mormon, at ang mga salitang "totoong Simbahan." Isulat sa pisara ang salitang *patotoo*, at itanong sa mga bata kung ano ang patotoo. Talakayin ang kanilang mga sagot. Ikuwento ang sumusunod: "May isang batang babaeng takot magpatotoo dahil hindi siya sigurado sa kanyang nadarama. Pero alam niyang mahalaga iyon, kaya isang araw ay buong tapang siyang tumayo at nagpatotoo, at inisa-isa ang limang bagay na pinaniniwalaan niya. Nang matapos siya, gumanda ang pakiramdam niya at nalaman niyang lumakas pa ang kanyang patotoo." Ipatuklas sa mga bata ang limang bagay na pinatotohanan niya sa pamamagitan ng pagkuha sa mga bagay mula sa bag na inihanda ninyo. Talakayin ang bawat bagay, at idispley ang mga ito sa harapan ng silid.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga halimbawa):* Tulutang magbahagi ang bawat bata ng isang halimbawa kung paano niya maibabahagi ang ebanghelyo. Tuwing may babanggitin ang isang bata, magdagdag ng isang patak ng food coloring sa lalagyan ng tubig para ipakita na ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay magpapalakas sa mga patotoo. (Kung malaki ang bilang ng inyong Primary, magagawa ninyo ito sa mga grupo para magkaroon ang bawat bata ng pagkakataong magbahagi ng mga ideya.)

**Humingi ng mga tugon:** *Kapag ibinahagi ng mga bata kung paano nila maipamumuhay ang doktrina, pinagtitibay nito ang mensahe sa kanilang puso at inaanyayahan nito ang Espiritu. Matapos ninyong ituro ang isang doktrina, bigyan ng pagkakataon ang mga bata na ibahagi kung paano nila ito maipamumuhay.*

Nobyembre

# Pasalamatan Natin ang Diyos sa Lahat ng Bagay

*"Sila ay inutusan niya na . . . bawat araw sila ay nararapat magbigay-pasalamat sa Panginoon nilang Diyos" (Mosias 18:23).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

*Ang* **mga awitin sa Primary** *ay tumutulong sa mga bata na maalala ang mga doktrina. Isiping kumanta ng mga awiting nagpapatibay sa inyong itinuturo. Sa buwang ito maaaring isama sa mga awiting iyon ang "Mga Bata sa Buong Daigdig" (AAP, 4–5), "Sa Kalusugan at Lakas" (AAP, 18), "Anong Luwalhati ng Ating Mundo" (AAP, 122), "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit" (AAP, 16–17), at "Pasasalamat sa Ating Ama" (AAP, 15).*

## Linggo 1: Nagpapasalamat ako para sa aking katawan, at alam ko na ito ay isang templo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa mga larawan at pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan):* Magdispley ng larawan ng isang bata at ng larawan ng isang templo. Sabay-sabay na basahin nang malakas ang I Mga Taga Corinto 3:16. Itanong: "Ano ang natutuhan natin tungkol sa ating katawan mula sa talatang ito?" Isulat sa pisara ang "Ang aking katawan ay isang templo."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Talakayin ang mga paraan na ipinapakita natin sa Ama sa Langit na nagpapasalamat tayo para sa ating katawan; halimbawa, pinangangalagaan at pinananatili natin itong malinis. Ipaliwanag na pinayuhan tayo ng mga propeta na pangalagaan ang ating katawan sa pamamagitan ng hindi paninigarilyo, pag-inom ng alak o paggamit ng ilegal na droga, o pagpapapatato. Hatiin ang mga bata sa mga grupo, at ipabasa at ipatalakay sa bawat grupo ang isa o mahigit pa sa sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan: Doktrina at mga Tipan 88:124; 89:7, 8, 9, 10–11, 12, 16–17. Ipabahagi sa bawat grupo ang natutuhan nila sa mga talatang ito kung paano nila mapangangalagaan ang kanilang katawan.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtatakda ng isang mithiin):* Pasulatin o pagdrowingin ang mga bata ng isang bagay na gagawin nila sa buong linggo para mapangalagaan ang kanilang katawan.

## Linggo 2: Nagpapasalamat ako para sa temporal na mga pagpapala.

**Tukuyin ang doktrina:** Isulat sa pisara ang, "Nagpapasalamat ako para sa temporal na mga pagpapala." Ipaulit sa mga bata ang pangungusap. Ipaliwanag na ang temporal na mga pagpapala ay mga pagpapalang ating nakikita, nahahawakan, naririnig, nalalasahan, o naaamoy.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng hulaan):* Magdispley ng mga bagay o larawang kumakatawan sa ilan sa ating temporal na mga pagpapala (halimbawa, mga katawan, tahanan, pagkain, tubig, damit, kalusugan, ang araw, ang buwan, mga bituin, ang daigdig, mga hayop, halaman, pamilya, kaibigan, laruan, aklat, at paaralan). Magbigay ng mga clue na naglalarawan ng isa sa mga pagpapala, at pahulaan sa mga bata kung aling pagpapala ang inilalarawan ninyo. Para sa nakatatandang mga bata, isulat ang bawat isa sa mga pagpapala sa magkakahiwalay na kapirasong papel at ilagay ang mga papel sa isang lalagyan. Papiliin ng isa ang isang bata at bigyan ng mga clue tungkol dito ang iba pang mga bata. Kapag nahulaan ng mga bata ang pagpapala, isulat ito sa pisara, at ipabahagi sa isang bata kung bakit siya nagpapasalamat para dito.



*Matututo nang mas mabisa ang mga bata kapag iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ang ginagamit. Pumili ng mga aktibidad at pamamaraan sa pagtuturo na makasasali ang lahat ng bata.*

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga ideya):* Ipaisip sa mga bata kung ano ang magagawa nila upang magpakita ng pasasalamat para sa isa sa mga pagpapalang tinalakay ninyo. Ipabahagi sa ilang bata ang kanilang mga ideya.

## Linggo 3: Nagpapasalamat ako para sa espirituwal na mga pagpapala.

**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Maghanda ng isang regalo na nasa loob ang larawan ng Tagapagligtas at ang reperensyang ito sa banal na kasulatan: Moroni 10:8–17. Isulat sa pisara ang, "Nagpapasalamat ako para sa espirituwal na mga pagpapala." Ipaliwanag na maraming espirituwal na pagpapalang maaaring ibigay sa atin ang Panginoon; ibinibigay Niya sa atin ang mga pagpapalang ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Pabuksan sa isang bata ang regalo at ipakita ang nilalaman nito. Ipahanap sa mga bata ang talata at ang espirituwal na mga pagpapalang maibibigay sa atin ng Panginoon, at isulat sa pisara ang mga ito. Talakayin ang ilan sa mga pagpapalang ito, at ipaliwanag na dapat nating gamitin ang mga ito para tulungan ang iba.



## Linggo 4: Dapat nating pasalamatan ang Ama sa Langit para sa lahat ng pagpapala sa atin.

**Tukuyin ang doktrina:** Magpakita sa mga bata ng isa o dalawang bagay na naibigay sa inyo ng isang tao. Ipaliwanag na ang mga regalong ito ay mahalaga sa inyo at na nasabi ninyong "Salamat" para sa mga ito. Magpabahagi sa mga bata ng iba pang mga paraan na maipapakita natin ang ating pasasalamat para sa mga regalong ating natatanggap. Itanong sa mga bata kung sino ang dapat nating pasalamatan para sa lahat ng pagpapala sa atin. Talakayin ang mga dahilan kung bakit dapat nating pasalamatan ang Ama sa Langit para sa lahat ng pagpapala sa atin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paggawa ng mga listahan):* Sa limang magkakahiwalay na sako, maglagay ng isang papel, bolpen, at isa sa mga sumusunod: larawan ng isang meetinghouse ng Simbahan, isang damit, mga banal na kasulatan, larawan ng isang pamilya, at larawan ng Tagapagligtas. Hatiin ang mga bata sa mga grupo, at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga sako. Patingnan sa bawat grupo ang nasa loob ng kanilang sako at ipasulat sa papel ang isang paraan na maipapakita nila ang pasasalamat para dito. Pagkatapos ay ipabalik sa kanila ang bagay, papel, at bolpen sa sako at ipapasa ito sa ibang grupo. Hayaang magpalitan ng sako ang bawat grupo, at pagkatapos ay ipabahagi sa bawat grupo ang nakasulat sa listahang nasa kanilang sako.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga ideya):* Ipabahagi sa ilang bata ang natutuhan nila sa aktibidad na ito at ang gagawin nila para maipamuhay ito.

**Pisara:** *Ang pisara ay isa sa pinakasimple at madaling makuhang gamit sa pagtuturo. Magagamit ninyo ang pisara para ipakita ang mga tugon at ideya ng mga bata sa pamamagitan ng pagsulat ng mga ito [sa pisara].*




*Kapag pinagbahagi natin ang mga bata sa maliliit na grupo, mas maraming bata ang nabibigyan ng pagkakataong makilahok. Makatutulong ang mga guro na matiyak na nakikilahok ang lahat at nananatili silang mapitagan.*

**Disyembre**

# Alam Ko na si Jesucristo ay Muling Paparito

*"Nguni't talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan" (Job 19:25).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***



## Linggo 1: Ipinropesiya ng mga propeta na paparito si Jesucristo sa mundo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Magdispley ng mga larawan nina Isaias, Nephi, Haring Benjamin, Abinadi, Alma, at Samuel ang Lamanita mula sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* at sa pakete ng mga larawan sa *Primarya 4*. Hatiin ang mga bata sa mga grupo at bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan na hahanapin: (1) Isaias 7:14; 9:6; (2) 1 Nephi 11:14–15, 20–21; (3) Mosias 3:5–8; (4) Mosias 15:1; (5) Alma 7:10–12; at (6) Helaman 14:1–3. Ipahanap sa mga bata kung sinong propeta ang nagsasalita at tungkol kanino ang kanyang ipinopropesiya. Hilingin sa bawat grupo na ipakita ang larawan ng propeta at sabihin sa ibang mga bata kung sino siya at ano ang kanyang sinabi. (Para sa nakababatang mga bata, tulungang magbihis ng simpleng costume ang anim na bata para gumanap sa anim na propeta. Magkuwento nang maikli tungkol sa bawat propeta at kung ano ang sinabi ng bawat isa tungkol sa pagsilang at misyon ni Jesucristo.) Ipaliwanag na ipinropesiya ng bawat isa sa mga propetang ito na paparito si Jesucristo sa mundo. Patotohanan na pumarito si Jesucristo sa mundo tulad ng ipinropesiya ng mga propeta.

## Linggo 2: Si Jesucristo ay muling paparito sa mundo.

**Tukuyin ang doktrina:** Magdispley ng larawan ng Ikalawang Pagparito (*ASE,* blg. 66). Ipaalala sa mga bata na si Jesucristo ay unang pumarito sa mundo bilang isang sanggol sa Betlehem. Ipaliwanag na natututuhan natin sa mga banal na kasulatan na Siya ay muling paparito sa mundo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng pagtutugma):* Gumawa ng dalawang magkatugmang set ng sumusunod na mga reperensya sa banal na kasulatan, na nakasulat ang bawat reperensya sa hiwalay na kapirasong papel: Mateo 16:27; Mateo 24:30, 36, 42; Mga Gawa 1:9–11; D at T 36:8; D at T 45:57–59; D at T 88:95–98. Idikit sa pisara ang mga papel nang nakataob. Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagpili ng dalawang pirasong papel. Itihaya ang mga papel para makita kung magkatugma ang mga ito. Kung hindi magkatugma, muling itaob ang mga ito. Kung magkatugma, iwanang nakatihaya ang talata at ipahanap sa mga bata ang reperensya para matuklasan ang itinuturo nito tungkol sa muling pagparito ni Cristo. Ulitin hanggang sa mapagtugma-tugma ang lahat.

## Linggo 3: Maghahanda akong makapiling na muli ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

**Tukuyin ang doktrina** *(paglalaro ng hulaan):* Anyayahan ang dalawa o tatlong bata na i-pantomime ang paghahanda sa pagtulog, pagsisimba, o malayong pagbibiyahe. Pahulaan sa ibang mga bata ang ginagawa nila. Talakayin sa mga bata kung ano ang mangyayari kung hindi tayo naghandang gawin

*Ang mga aktibidad na pantawag-pansin, tulad ng pantomime, ay magagamit para magkainteres at maituon ang mga bata sa paksa ng aralin. Yaong mga hindi nakikilahok ay makikisali kapag pinanood nila ang ibang mga bata.*



**Iakma ang mga aktibidad:** *Iakma ang mga aktibidad sa mga sangguniang nakuha ninyo at sa mga bata sa inyong Primary. Halimbawa, para sa aktibidad na pagsasabuhay sa linggo 3, maaari ninyong ipataas ang isang daliri ng mga bata para sa bawat bagay na magagawa nila upang makapaghanda sa halip na ipasulat sa papel ang kanilang mga ideya.*

ang mga bagay na ito. Ipaliwanag na ang isang bagay na dapat nating paghandaan ay ang makapiling na muli ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng mga awitin):* Kantahin ang ikatlong talata ng "Ako ay Anak ng Diyos" (*AAP*, 2), at anyayahan ang mga bata na pakinggan kung paano tayo makapaghahandang makapiling na muli ang Ama sa Langit. Patayuin ang mga bata at muling pakantahin ng "Kung ang nais N'ya'y susundin." Ipaliwanag na ang ilang awitin sa Primary ay nagpapaalala ng mga bagay na magagawa natin para makapaghandang makapiling na muli ang Ama sa Langit at si Jesucristo (halimbawa, "Susundin Ko ang Plano ng Diyos" [*AAP*, 86–87], "Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin" [*AAP*, 68–69], "Sa Akin Nagmumula ang Kabaitan" [*AAP*, 83], at "Sa Aking Pagkabinyag" [*AAP*, 53]). Ipatugtog sa piyanista ang ilang nota mula sa isa sa mga awiting ito, at pahulaan sa mga bata kung anong awitin ito. Ipakanta sa mga bata ang awitin at patayuin sila kapag kumanta sila tungkol sa isang paraan na makapaghahanda silang makapiling ang Ama sa Langit. Ulitin sa iba pang mga awitin.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagdodrowing):* Magpaisip sa mga bata ng mga paraan na makapaghahanda silang makapiling ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Bigyan ang bawat bata ng kapirasong papel, at ipabakat ang kanilang kamay. Pagkatapos sa bawat binakat na daliri ay ipasulat o ipadrowing sa kanila ang isang bagay na magagawa nila para makapaghanda. Papiliin ang mga bata ng isa sa mga bagay na iyon na gagawin sa loob ng linggong iyon. Sabihin sa kanila na ipababahagi ninyo sa kanila ang kanilang ginawa sa susunod na Linggo.

*Ang* ***pagsulat*** *ng isang alituntunin ng ebanghelyo ay tutulong sa mga bata na maalala ito.*



## Linggo 4: Ako ay may patotoo na ako ay anak ng Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(paglalaro ng hulaan):* Sa pisara isulat ang, "Ako ay may ___________." Sabihin sa mga bata na pakinggan ang sumusunod na mga clue at pahalukipkipin sila at patayuin kapag inaakala nila na mapupunan nila ang puwang:


- Pinagaganda, pinasasaya, o pinasisigla nito ang ating pakiramdam.
- Ibinibigay ito sa atin ng Espiritu Santo.
- Tinutulungan tayo nitong gumawa ng mga tamang pasiya.
- Maibabahagi natin ito sa iba kapag nagbigay tayo ng mensahe sa Primary, sa family home evening, at sa fast and testimony meeting.

Itanong: "Ano ang magandang bagay na ito?" Punan ang patlang ng salitang *patotoo,* at sabihin sa mga bata na maaari silang magkaroon ng patotoo na sila ay mga anak ng Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin):* Pakantahin ang mga bata ng "Ako ay Anak ng Diyos" (*AAP*, 2–3), at ipaisip sa kanila kung ano ang naramdaman nila habang kumakanta. Ipabahagi sa ilang bata kung ano ang nadama nila. Ipaliwanag na ang magandang pakiramdam na maaaring nadama nila ay nagmula sa Espiritu Santo, na nagsasabi sa kanila na talagang sila ay mga anak ng Diyos. Ipaliwanag na ang malaman na ito ay totoo ang siyang kahulugan ng pagkakaroon ng patotoo. Ipaliwanag na maraming paraan para malaman na tayo ay mga anak ng Diyos. Itanong: "Paano mo nalaman na ikaw ay anak ng Diyos?"

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga patotoo):* Itanong sa mga bata: "Bakit mahalagang magkaroon ng patotoo na tayo ay mga anak ng Diyos? Paano tayo natutulungan ng pagkakaroon ng patotoo na pumili ng tama?" Ibahagi ang inyong patotoo at ipabahagi sa ilang bata at matatanda ang kanilang patotoo na lahat tayo ay mga anak ng Diyos.

***Magpatotoo:*** *Kapag pinahiwatigan, magpatotoo tungkol sa doktrinang itinuturo ninyo. Maaaring pagtibayin ng Espiritu Santo sa bawat bata na totoo ang sinasabi ninyo. Kapag nagbahagi kayo ng patotoo, nadarama ng mga bata ang Espiritu at nahihikayat silang palakasin ang kanilang patotoo.*



# Paano Gamitin ang Musika sa Primary

*Ang layunin ng musika sa Primary ay ituro sa mga bata ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang mga awitin sa Primary ay higit na nagpapasaya sa pag-aaral ng ebanghelyo, nag-aanyaya sa Espiritu, at lumilikha ng mapitagang kapaligiran na napakainam sa pagkatuto (tingnan sa* Handbook 2: Administering the Church *[2010], 11.2.4).*

*Kapag naghahandang magturo ng isang awitin, itanong sa sarili: Paano ko maitutuon at mapananatili ang atensyon ng mga bata? Ano ang mga maitatanong ko para maipaunawa sa mga bata ang mensahe ng ebanghelyo sa awitin? Anong mga pamamaraan ang magagamit ko sa pagtuturo ng awiting ito? Ang mga sumusunod ay ilang pamamaraang maaari ninyong subukan. Ang mga halimbawa ay tutulong sa inyo na maituro ang mga awiting iminungkahi sa outline na ito. Para sa karagdagang mga ideya, tingnan sa bahaging Primary ng Serving in the Church sa LDS.org at sa mga bahaging "Paano Gamitin ang Musika sa Primary" sa 2010, 2011, at 2012 outline.*

**Iakma ang mga aktibidad:** *Ang ilan sa mga ideya sa pagtuturo na inilarawan dito ay pinakamainam na aakma sa nakababatang mga bata. Iakma ang mga pamamaraan ng inyong pagtuturo sa mga batang iba't iba ang edad para lahat sila ay makilahok sa pag-aaral at pagkanta.*

## Bigyang-diin ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa awitin.



Isipin ang sumusunod na mga ideya habang itinuturo ninyo ang "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (*AAP*, 98). Hilingin sa mga bata na pakinggan ang isang bahagi ng plano ng Ama sa Langit kapag kinanta ninyo ang unang linya ng awitin at patayuin sila kapag alam nila kung ano ito (pamilya). Pasabayin ang mga bata sa pagkanta ninyo ng linyang iyon. Ituro na ang mga himig ng "may mag-anak" at "nagmamahalan" ay iisa ang sinusundan, at ipakanta sa mga bata ang mga salitang iyon. Hilingin sa kanila na pakinggan ang susunod na bahagi ng awitin upang malaman kung gaano katagal nila makakapiling ang kanilang pamilya. Kantahin ang pangalawang linya, na binibigyang-diin ang mga salitang "nang walang hanggan." Pasabayin ang mga bata sa pagkanta ninyo ng linyang iyon, at pagkatapos sabay-sabay ninyong kantahin ang dalawang linya. Hilingin sa mga bata na pakinggan ang isa pang salita sa koro na nangangahulugang "nang walang hanggan." Kantahin ang, "Mag-anak ay magsasama-sama," at pasunurin silang kantahin ito sa inyo. Kantahin at pasunurin silang kantahin ang, "Sa plano ng Ama." Itanong kung ano ang plano ng Ama sa Langit, na ipinaaalala sa mga bata na nais Niya silang makasal sa templo at magkaroon ng sarili nilang mga walang-hanggang pamilya. Tapusin ang pagtuturo ng koro sa pagkanta ng mga parirala at pasunurin sila sa pagkanta nito.

*Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang himig ng isang awitin, "itaas ang inyong kamay sa pahalang na posisyon, at habang inaawit ang mga salita, itaas ang inyong kamay upang ipahiwatig ang matataas na tono, at ibaba ito upang ipahiwatig ang mababababang tono"* (PWHDT, 229).

## Gumamit ng mga visual aid para matulungan ang mga bata na matutuhan at maalala ang mga salita.

**Praktis:** *Para mabisang maituro ang isang awitin, dapat ay alam ninyo mismong kantahin ito. Magpraktis sa bahay para matingnan ninyo ang mga bata habang tinuturuan ninyo sila.*




*Makukuha ang mga visual sa sharingtime.lds.org*

Isipin ang sumusunod na mga ideya habang itinuturo ninyo ang "Kung ang Katabi'y si Cristo" (pahina 28 sa outline na ito):

- Gumawa ng wordstrip para sa bawat parirala ng awitin, at humanap ng isang larawang kakatawan sa bawat wordstrip. Ilagay ang mga larawan sa isang panig ng silid at ang mga wordstrip sa kabilang panig. Talakayin sa mga bata kung paano maaaring maiba ang kanilang pagkilos kung makita nilang nakatayo ang Tagapagligtas sa kanilang tabi. Kantahin ang awitin, at ipatugma sa mga bata ang mga larawan sa mga salita.
- Pasabayin ang mga bata sa pagkanta ninyo ng awitin habang nakaturo kayo sa mga larawan.
- Bigyan ang bawat klase ng isang pariralang kakantahin habang nakatayo, at pagkatapos ay baguhin ang mga parirala hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang bawat klase na kantahin ang bawat parirala.

**Magpatotoo:** *Magbahagi ng maikling patotoo sa mga bata tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo na matatagpuan sa mga awitin ng Primary. Ipaunawa sa mga bata na ang pagkanta ay isang paraan na makapagpapatotoo sila at madarama nila ang Espiritu.*

## Gumamit ng angkop na mga aksiyon para makasali ang mga bata at maalala nila ang awitin.

Isipin ang sumusunod na mga ideya habang itinuturo ninyo ang "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit" (*AAP,* 16–17). Itanong sa mga bata kung paano nila naipakita ang kanilang pagmamahal sa mga kapamilya. Itanong kung paano naipakita ng Ama sa Langit ang Kanyang pagmamahal sa kanila. Ipaliwanag na nilikha Niya ang magandang mundong ito para sa kanila dahil mahal Niya sila. Kantahin ang awitin sa mga bata nang paisa-isang parirala, at pasabayin sila sa pagkanta ninyo nito habang inaakto nila ang bawat bahagi: mga ibong humuhuni, nakatingin sa langit, ulan na pumapatak sa kanilang mukha, at kung anu-ano pa. Para sa pangalawang talata, anyayahan silang umakto tulad ng pagturo sa kanilang mga mata, pag-akto na parang paruparo, at pagsalikop ng kanilang mga kamay sa likod ng kanilang mga tainga. Anyayahan silang yakapin ang kanilang sarili kapag kinanta nila ang, "aking buhay," at tapikin ang kanilang ulo ("isip"), ilagay ang kanilang kamay sa tapat ng kanilang puso ("puso"), at yumuko at humalukipkip ("nagpapasalamat ako"). Ipabalik ang kanilang mga kamay sa tapat ng kanilang puso kapag kinanta nila ang, "Ako ay mahal ng Ama sa Langit."



*Ang* **pag-uulit** *ay tumutulong sa mga bata na matutuhan ang mga bagong awitin. Ulitin ang mga awitin sa sari-saring paraan, tulad ng pagbulong, paghuni, pagpalakpak sa tempo, pagbabago ng bilis, o pagkanta habang nakaupo at nakatayo.*

# Kung ang Katabi’y si Cristo

*May pagninilay* ♩ = 90–100

Mga Titik at Himig ni Sally DeFord




Karapatang-sipi © 2006 ni Sally DeFord. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa isahan, di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay dapat na isama sa bawat ginawang kopya.

# Pagtuturo sa mga Batang May Kapansanan

*Itinuro ng Tagapagligtas, "Lahat ng iyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon; at malaki ang magiging kapayapaan ng iyong mga anak" (3 Nephi 22:13).*

***Mahalagang responsibilidad ng mga lider ng Primary na ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng bata, pati na sa mga yaong may kapansanan. Ang Primary ay lugar kung saan bawat bata ay dapat tanggapin, mahalin, pangalagaan, at ibilang. Sa kapaligirang ito mas madaling maunawaan ng lahat ng bata ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo at madama at makilala ang impluwensya ng Espiritu Santo.***

**Para sa iba pang impormasyon** *kung paano tulungan ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan, tingnan sa PWHDT, 47–49, at disabilities.lds.org.*

## Bawat bata ay mahalaga sa Diyos. Bawat isa ay nangangailangan ng pagmamahal, paggalang, at suporta.

Sumangguni sa iba habang sinisikap ninyong tugunan ang mga pangangailangan ng mga bata sa inyong Primary na may mga kapansanan.


1. **Sumangguni sa mga magulang ng bata.** Karaniwan ay mas kilala ng mga magulang ang kanilang anak kaysa sinuman. Maituturo nila sa inyo kung paano tugunan ang kanyang mga pangangailangan, haba ng atensyon, at mga paboritong paraan sa pag-aaral. Halimbawa, may ilang batang mahusay tumugon sa musika, ang iba naman ay sa mga kuwento, larawan, banal na kasulatan, o paggalaw. Gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo, at tiyaking magsama ng mga paraan na higit na matututo ang bawat bata.

2. **Sumangguni sa iba pang mga lider at guro sa Primary.** Sama-samang manalangin at magsikap na makahanap ng mga paraan na matulungan ang bawat bata na matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo at makadama ng pagmamahal.

3. **Sumangguni sa ward council.** Maaaring may mga ideya ang mga lider ng priesthood at iba pang auxiliary kung paano tulungan ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan. Sa isang ward, nagmungkahi ang high priests group na magpapunta ng isang "lolo para sa Primary" linggu-linggo na kakausap sa isang batang lalaking autistic. (Ang pinakamainam, iisang tao lang ito bawat linggo.) Nakatulong ito sa batang lalaki na magtuon sa aralin at makadama ng pagmamahal.

Itinuro ni Elder M. Russell Ballard, "Malinaw, na ang mga pinagkatiwalaang magkaroon ng mga natatanging anak ay pinagkalooban ng sagrado at marangal na responsibilidad, dahil tayo ang hinirang ng Diyos na palibutan ang mga bata ngayon ng pagmamahal at ng lakas ng pananampalataya at ng pag-unawa kung sino sila" ("Great Shall Be the Peace of Thy Children," *Ensign,* Abr. 1994, 60).





*Makikita ang mga iginuhit na pigura sa sharingtime.lds.org*

*Mahusay tumugon ang ilang batang may kapansanan sa mga hudyat na nakikita. Gumamit ng mga hudyat tulad ng makikita rito para ipahiwatig kung oras nang manalangin, tumahimik, o kumanta.*

**Pag-aakma ng mga aralin:** *Maaaring kailanganin ninyong iakma ang inyong mga oras ng pagbabahagi sa mga batang may kapansanan. Tingnan sa sharingtime.lds.org para sa ilang halimbawa kung paano gawin ito.*



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG

4 02089 94893 6
08994 893

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA.
Pagsang-ayon sa Ingles: 10/11.
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 10/11. Pagsasalin ng *2013 Outline for Sharing Time: I Am a Child of God.* Tagalog. 08994 893
Mga image credit: Pahina 2: larawan ng planeta sa kagandahang-loob ng NASA/JPL. Pahina 4: larawan ng mundo © Corbis.
Pahina 15: larawan ng mga ulap © Getty Images